

Ang Gabay sa Mekanismo ng Malinis na Pag-unlad

isang rekurso para sa mamamayan, aktibista at mga NGO







Ang ikalawang edisyon ng Gabay sa Mekanismo ng Malinis na Pag-unlad o CDM toolkit ay idinesenyo para sa mga NGO, aktibista at mamamayan na limitadong kaalaman at karanasan sa CDM. Kagaya ng unang CDM toolkit na inilabas ng CDM Watch noong 2003, ang toolkit na ito ay isang Gabay na magbibigay ng mga paliwanag kung papaano gumagana ang CDM at ang kanyang mga kasangkapan para sa partisipasyon ng publiko.

Tandaan na ang Gabay na ito ay hindi idinesenyo bilang kritiko ng CDM, sa halip ay isang kasangkapan para gamitin ng mga humaharap sa mga proyektong CDM sa kanilang bansa, at yaong mga gustong maraming malaman tungkol sa mekanismo at kung papaano tatasahin ang mga proyekto.

Ang manwal na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang pananaw sa CDM at kasaysayan nito. Ipinapaliwanag din nito ang prosesong kailangang daanan ng proyektong CDM upang makamit ang pagaprubang at makakuha ng mga *carbon credit*. Ang pokus ay sa pagpapaliwanag ng mga pangunahing isyu para sa *civil society* at sa pagtukoy ng mga oportunidad para sa pampublikong kontribusyon. Ang Gabay na ito ay nagbibigay din ng detalye tungkol sa natatanging panuntunan para sa ilang tipo ng proyekto tulad ng proyektong *sinks* at mga programa ng aktibidad. Ang sumusunod ay ang mga paraan na naglililaw ng mga pangunahing rekisitos kung tatasahin ang proyektong CDM sa panahon ng pampublikong pagbibigay komento at sa matapos pa.

Ang CDM ay kinabibilangan ng maraming termino at mga pinaikling salita na ninais naming maiwasan hangat maaari. Ngunit upang mas makapagbigay ng eksaktong larawan sa kung paano gumagana ang CDM ay kinakailangan naming gumamit ng ilan. Upang mas mapadali, ang mga pangunahing termino at pinaikling salita sa teksto ay ipinapaliwanag ng mas detalyado sa glosaryo sa dulo ng manwal na ito.

Maaari din kayong mag-download ng bersiyon ng CDM Manwal sa Pranses, Tsino, Indones, Potuges, Espanyol at Thai na lengguwahe mula sa <http://www.cdm-watch.org>.

Pinasasalamatan ng CDM Watch si Ben Pearson at ang kanyang mga kasamahan para sa mga pagsisikap na kanilang ibinigay sa unang edisyon ng CDM Watch na inilunsad mula 2001 hanggang 2005. Mula sa pagsisimula pa lamang ng CDM, sila ay nagbigay ng napakakritikal na boses mula sa *civil society* para sa pagpapal-unlad ng CDM.

Ang ikalawang edisyon na ito ay muling binuo noong Abril 2009 upang panghawakan ang tungkulin ng pagbibigay ng kritikal na pananaw ukol sa mga proyektong CDM, mga pamamaraan at ang gawain ng CDM Executive Board. Sa panahon na kung saan ang mga bagong mekanismo matapos ang 2012 ay kasalukuyang pinag-uusapan, ang pinakahuling layunin ng CDM Watch ay ang ilahad ang kahinaan ng kasalukuyang CDM at upang mabigyang boses ang *civil society* sa proseso ng CDM. Ang mga aral na nakuha ay dapat na ikonsidera sa kahit na anong mekanismo matapos ang 2012 upang maiwasan ang mga huwad na pagbabawas sa emisyon at ang mga proyekto ng pagbabawas ng emisyon sa hinaharap na makakasama sa kalikasan o sa lipunan.

Ang Gabay na ito
ay sinuportahan ng
International Climate
Protection Initiative of
the Federal Environment
Ministry of Germany

Para sa karagdagang
impormasyon,
sumagguni sa CDM Watch sa:
info@cdm-watch.org
<http://www.cdm-watch.org>

Nilalaman

1. Ang CDM at ang kanyang pinagmulan – isang maikling pananaw

- 1.1. Ang Kasunduaang Marrakech
- 1.2. CDM – bilyong dolyar na merkado
- 1.3. Hindi tiyak na hinaharap ng CDM matapos ang 2012
- 1.4. Mga kalahok na bansa sa CDM

2. Papaano gumagana ang CDM sa praktika – isang halimbawa

3. Ang siklo ng proyektong CDM: mula sa disenyo hanggang sa pagbibigay ng carbon credits

- 3.1. Unang Hakbang: paghahanda ng Project Design Document (PDD)
 - 3.1.1. Konsultasyon sa lokal na *stakeholder*
 - 3.1.2. Pagtatasa sa epektong pangkalikasan
 - 3.1.3. Pamamaraan sa pagtatasa ng *baseline*
 - 3.1.4. Paglalarawan ng *additionality*
- 3.2. Ikalawang Hakbang: pagkuha ng pagsang-ayon mula sa bawat kasaling bansa
- 3.3. Ikatlong Hakbang: Balidasyon at ang 30-araw na panahon ng komentong pampubliko
- 3.4. Ikaapat na Hakbang: Pagrerehistro mula sa CDM Executive Board
- 3.5. Ika-limang Hakbang: Pagsubaybay sa pagbabawas ng emisyon
- 3.6. Ika-anim na Hakbang: Beripikasyon, sertipikasyon at ang pagbibigay ng pagkilala sa pagbabawas ng emisyon
- 3.7. Ikapitong Hakbang: Pagpapalit ng *crediting period*

4. Pagbabalik-aral ng mga oportunidad para sa input mula sa civil society

5. Pananaw tungkol sa espesyal na tipo ng mga aktibidad ng proyekto

- 5.1. Pangmaliitang Proyekto
- 5.2. Proyektong Sinks
- 5.3. Programa ng Aktibidad

6. Pangunahing rekisitos sa balidasyon sa PDD

7. Iba pang mga impormasyon sa CDM

8. Ang CDM – pangunahing termino at pinaikling-salita

1. Ang CDM at ang kanyang pinagmulan – isang maikling pananaw

Ang mga bansa sa 1992 Rio Earth Summit ay nagkasundo hinggil sa United Nations Framework Convention on Climate Change (UNFCCC) bilang tugon sa lumalaking ebidensiya na ang mga aktibidad ng tao ay nakakadagdag sa pag-init ng mundo o *global warming*. Nagtataglay ang UNFCCC ng hindi mapanghawakan mga pangako mula sa mga industriyalisadong bansa (nakalista sa Annex I ng Convention) na sila ay magbabawas ng kanilang emisyon ng *greenhouse gasses* kagaya sa lebel noong 1990 sa taong 2000. Naging malinaw din na hindi ito sapat upang maiwasan ang mapanganib na pagbabago ng klima. Iyon ang dahilan kaya sa unang Convention of Parties (COP) noong 1995 matapos maipatupad ang Convention, ang mga kasapi nito ay nagsimulang mag-usap-usap tungkol sa isang *Protocol* na magtatakda ng mas mahigpit at may ligal mapanghawakan na mga target para sa pagbabawas ng emisyon ng greenhouse gasses para sa ilang bansa.

Nagkasundo ang mga kasapi sa pangatlong COP para sa Convention na ginanap sa Japan noong 1992 sa isang Protocol na magtatakda ng target para sa mga industriyalisadong mga bansa¹ na magbawas ng kanilang emisyon sa kani-kanilang bansa sa pangkaraniwang antas na 5% mas mababa sa lebel ng 1990 sa panahong 2008-2012 – na tinaguriang unang panahon ng pangako. Ang Protocol ay ipinangalan sa lungsod kung saan ito pinag-usapan – sa Kyoto. Upang makatulong na mabawasan ang mga gastusin sa pag-abot ng pangakong pagbabawas tatlong market-based na “pleksibleng mekanismo” ang dinesenyo: Pangangalakal ng Emisyon (ET), Pinagsanib na Implementasyon (JI), at ang Mekanismo ng Malinis na Pag-unlad (CDM).

Bagaman magkakaiba sa kalakaran, ang tatlong mekanismong ito ay base sa iisang prinsipyo: upang pahintulutan ang mga industriyalisadong bansa na magbawas ng emisyon kahit saan sa mundo na kung saan mas mura ito at ibilang ang pagbabawas na ito tungo sa kanilang pambansang target. Ang JI at CDM ay tinatawag na “*project-based*” na mekanismo pinopondohan ng mga ito ang mga aktwal na proyekto; JI ang pangkalahatang nagpopondo sa mga proyekto sa Silangang Europa at sa dating Unyon Sobyet, samantalang ang mga proyektong CDM ay maari lamang ipatupad ang mga ito sa papaunlad na bansa na walang target ng emisyon sa ilalim ng Kyoto Protocol. Dahil dito, ang CDM lamang ang natatanging bahagi ng Kyoto Protocol na direktang nagsasali sa mga papaunlad na bansa sa pagbabawas ng emisyon ng greenhouse gas. Ang CDM ay naiiba din sa pagkilala ng pagbabawas ng emisyon na nalikha ng proyektong CDM mula pa noong 2000 ay maaaring ibilang na pagbabawas sa panahon ng 2008 hanggang 2012. At ang panghuli, ang CDM ay may malinaw na mandato upang ipalaganap ang sustenableng pag-unlad, di katulad ng JI o Emission Trading.

¹ Ang mga bansang may pananagutan at ang kanilang mga komitment ay nakatala sa Annex B ng Protokol, subalit ang mga mauunlad na bansang ito ay itinuturing na Annex I Parties

² CMP/2005/8/Ad1, p8 para5

1.1 Ang Kasunduang Marrakech

Karamihan sa mga tuntunin para sa CDM ay napagkasunduan at pinoprotektahan nang tinaguriang Kasunduang Marrakech o Marrakech Accord sa ika-7 COP ng UNFCCC noong 2001. Nagsisilbing pundasyon para sa mga tuntunin ng CDM, ang mga kasapi sa simula’t-simula pa ay ginawang detalyado ang mga regulasyon sa loob ng kontekstong tinatawag na “Reporma sa CDM” o “CDM Reform”. Ang Kasunduang Marrakech din ang nagtatag ng Lupon ng Ehekutibo ng CDM o CDM Executive Board upang pangasiwaan ang CDM sa ilalim ng awtoridad at pamamahala ng Meetings of Parties sa Kyoto Protocol². Binigyan ang Board ng tungkulin na idetalye at paunlarin ang mga tuntunin, at ang pagbibigay ng patnubay kung paano ipaliliwanag ang ilang tuntunin³. Ang Board din ang gumagawa ng huling desisyon kung papayagang mairehistro ang isang proyektong. Ang lupon din ang magbibigay ng pahintulot sa proyektong CDM upang makapagsimula itong lumikha ng carbon credit ito rin ang nagbibigay pahintulot sa pag-iisu ng credit. Walang paghihigpit ang Marrakech Accord sa mga tipo ng teknolohiyang maaaring gamitin sa proyektong CDM maliban lamang sa enerhiyang nukleyar⁴, at ang limitasyon sa uri ng Sinks Projects na maaaring idebelop at sa dami ng credit sa sinks na maaaring gamitin⁵ (para sa karagdagang impormasyon tignan ang Sinks Projects sa pahina sa ibaba). Bagaman ang layunin ng CDM ay ipalaganap ang sustenableng pag-unlad sa pinagdadausang bansa ang desisyon kung magagawa ito ng espesipikong proyekto ay naiiwan sa mismong bansa. Kahit na ito ay nanganahulugan na ang bansa ay walang pangkalahatang pamantayan o sapilitang pagsusuri na dapat nilang gamitin.

³ Marrakesh Accords, Guidelines for the implementation of Article 6 of the Kyoto Protocol, p56

⁴ CP/2001/13/Ad2, p20

⁵ CP/2001/13/Ad2, p22 para7(a)

⁶ The Kyoto Protocol entered into force on the 90th day after the date on which not less than 55 Parties to the UNFCCC, incorporating Annex I Parties which accounted in total for at least 55% of the total CO₂ emissions for 1990 of the Annex I Parties, have deposited their instruments of ratification, acceptance, approval or accession. As of 30 June 2009, 186 countries and one regional economic integration organization (the EEC) have deposited instruments of ratifications, accessions, approvals or acceptances and 63.7% of the total CO₂ emissions for 1990 of the Annex I Parties have ratified the Protocol.

⁸ Ayon sa UNFCCC press release "Clean Development Mechanism passes 2000th registered project milestone in less than two years", 6 January 2010

⁹ Deutsche Bank analysis "It's Tough at the COP: After the Confusion, Uncertainty... on the impact of COP-15 on EU offsetting, 20 December 2009

¹⁰ Climate Strategies "Would preferential access to the EU ETS be sufficient to overcome current barriers to CDM projects in LDCs?", Paula Castro & Axel Michaelowa, March 2009

¹¹ Austria, Belgium, Denmark, Finland, France, Germany, Greece, Ireland, Italy, Luxembourg, Netherlands, Portugal, Spain, Sweden, United Kingdom
¹² Bulgaria, Croatia, Czech Republic, Estonia, Hungary, Latvia, Poland, Romania, Russian Federation, Slovakia, Slovenia, Ukraine

¹³ Canada, Australia, Japan, Monaco, Iceland, New Zealand, Norway, Switzerland, Liechtenstein

¹⁴ Antigua and Barbuda, Argentina, Armenia, Azerbaijan, Bahamas, Bangladesh, Barbados, Belize, Bhutan, Benin, Bolivia, Botswana, Brazil, Burundi, Cambodia, Cameroon, Chile, China, Colombia, Cook Islands, Costa Rica, Cuba, Cyprus, Djibouti, Dominican Republic, Ecuador, El Salvador, Equatorial Guinea, Fiji, Gambia, Georgia, Ghana, Grenada, Guatemala, Guinea, Guyana, Honduras, India, Israel, Jamaica, Jordan, Kenya, Kiribati, Kyrgyzstan, Lao, Lesotho, Liberia, Madagascar, Malawi, Malaysia, Maldives, Mali, Malta, Marshall

1.2. CDM – ang bilyong dolyar na merkado

Ipinatupad ang Kyoto Protocol noong Pebrero 2005⁶. Ito ay pinagtibay ng lahat ng bansang nasa Annex I maliban sa Estados Unidos. Ang unang proyektong CDM ay nairehistro noong ika-18 ng Nobyembre 2004 at mabilis na sumunod ang iba pa. ang ika-2000 proyekto ay nairehistro noong ika-6 ng Enero 2010. Nakalikha na ng mahigit 365 milyong certified emission reductions (CERs) ang lahat ng rehistradong proyekto. Ang bawat CER ay may katumbas na 1 toneladang nabawas na CO₂. Sa ngayon, may tinatayang 2500 na proyekto pa ang nasa estado ng balidasyon, tinatayang ang mekanismo ay makalikha ng mahigit 2.9 milyong CER sa unang bugso ng mga komitment sa Kyoto Protocol⁸.

1.3. Hindi tiyak na hinaharap ng CDM matapos ang 2012

Datapwa't ang Kyoto Protocol ay nakatakdang matapos sa 2012, pinag-uusapan na nang mga kasapi ang mga maaaring mangyari pagkatapos ng 2012 sa tinguriang ikalawang bugso ng mga komitment (2013-2020) ng Kyoto Protocol. Subalit ang hinaharap ay hindi matitiyak. Ang pulong uko sa klima sa Copenhagen noong Disyembre 2009 ay naglalayon ng isang pandaigdigang kasunduan sa pagbabago ng klima na magsisilbing pamalit sa Kyoto Protocol. Gayunman, ang mga Partido ay hindi nagkasundo sa kahit na anong resultang may legal na mapanghahawakan. Ang sumunod na Conference of Parties (COP-16) ng UNFCCC na gaganapin sa Mexico sa Nobyembre/Disyembre 2010 na kung saan ang arkitektura para sa isang transaksyon upang kontrolin ang global warming ay dapat na mabuo. Ang potensiyal na kasunduang ito ay mapagpasya sa kahihinatnan ng CDM: kung walang kasunduan sa Kyoto Protocol matapos ang 2012 ang CDM ay mahihinto.

Gayunpaman, malaki ang pag-asa na magpatuloy ang Kyoto Protocol matapos ang 2012 sa maraming kadahilanan. Hindi lang ginagamit ang mga carbon credit para makasunod sa target ng Kyoto Protocol, kung hindi upang makasali sa pagtupad ng pambansang target na kadalasang mas ambisyoso kaysa dito. Ang European Union na pinakamalaking mamimili ng CDM carbon credits ay nakapaggagarantiya na ng pangangailangan ng CER matapos ang 2012⁹. Inilunsad ng EU ang kanyang pakete ng klima o climate package at enerhiya noong Disyembre 2008 upang isulong ang pangakong pagbabawas sa kabuuang emisyon ng aabot sa 20% na mas mababa sa lebel ng 1990 sa 2020 at sa 30% na mas mababa sa lebel ng 1990 kung makamit ang bagong pandaigdigang kasunduan sa pagbabago ng klima sa iba pang katumbas na pagsisikap ng ibang maunlad na bansa. Ang mga pamamaraan upang maabot ang layuning ito ay ang pagpapalawak ng European Emissions Trading System (EU ETS) gayun din ang mas mahigpit na pagbabawas ng emisyon para sa mga sektor na hindi kasama sa EU ETS. At ang pinakamahalaga para sa CDM, ang pakete ng klimang ito ay nakikitang halos 50% ng pagbabawas na hinihingi ng sistema ay papayagang angkatin mula sa mga proyekto ng CDM at JI projects¹⁰.

1.4. Mga kalahok na bansa sa CDM

- **Ang European Union (EU-15)¹¹:** mga bansang miyembro ng EU na sumapi sa EU bago ang 1996 ay mga bansang Annex I na bahagi ng EU ETS at kadalasang mga *net buyers* ng permit sa emisyon.
- **Mga bansang sumasailalim sa proseso ng pagpapalit tungo sa pangekonomiyang merkado o *Countries undergoing the process of transition to a market economy*¹²:** Ang mga bansang ito ay may takip sa emisyon at kadalasang mga net sellers sa merkado ng karbon. Ang mga proyektong JI ay kadalasang isinasagawa dito. Lahat ng mga bansang ito maliban sa Rusya, Ukraine, at Croatia ay mga kasapi ng European Union at kabahagi din ng EU ETS.
- **Mga bansa sa Annex I na hindi kasapi ng EU subalit kasama sa pagratipika ng Kyoto Protocol o *Annex I non-EU countries that ratified the Kyoto Protocol*¹³:** pinagtibay ng mga bansang ito ang Kyoto Protocol, wala silang target sa pagsunod, ngunit hindi sila bahagi ng EU, o ekonomiyang nagbabago. Australia ang huling bansang nagpatibay sa Kyoto Protocol noong Disyembre 2007.
- **Mga bansa sa Annex I na hindi sumangayon sa Kyoto Protocol o *Annex I Parties not ratified the Kyoto Protocol*:** Sa lahat ng bansa sa Annex I na pumirma sa Kyoto Protocol tanging ang Estados Unidos ang hindi pumirma dito.
- **Mga bansang hindi kasali sa Annex I subalit sumangayon sa Kyoto Protocol o *Non-Annex I countries having ratified the Kyoto Protocol*¹⁴:** Ang mga hindi Annex I na bansa ay walang takip sa emisyon, hindi sila pinipilit na gumawa ng target sa pagbabawas at mga potensiyal na bansang maaaring paglagyan ng proyektong CDM.

Islands, Mauritius, Mexico, Micronesia, Mongolia, Morocco, Myanmar, Namibia, Nauru, Nicaragua, Niger, Niue, Palau, Panama, Papua New Guinea, Paraguay, Peru, Philippines, Republic of Korea, Republic of Moldova, Rwanda, Saint

Lucia, Saint Vincent and the Grenadines, Samoa, Senegal, Seychelles, Solomon Islands, South Africa, Sri Lanka, Sudan, Thailand, Togo, Trinidad and Tobago, Tunisia, Turkmenistan, Tuvalu, Uganda, United Republic of Tanzania, Democratic

People's Republic Uruguay, Uzbekistan, Vanuatu, Viet Nam, Yemen

2. Paanao gumagana ang CDM sa praktika – isang halimbawa

¹⁵ Para sa layunin ng pagpapaunawa ng CDM, ang terminong “Emission reductions” ay gagamitin, subalit ang CDM ay nagpapahintulot sa mga proyektong tinatawag na “Sinks” na syang nagiimbak ng carbon sa halamanan at biomass, at kaya nitong magimbak o kumumpiska ng carbon na nauna nang naiemit.

Sa teorya, ang palakad sa CDM ay gaya ng sumusunod na halimbawa: ang isang mamumuhunan mula sa industriyalisadong bansa o isang industriyalisadong gobyerno ay maaaring mamuhunan, o magbigay ng pondo para sa, proyekto sa isang umuunlad na bansa upang magbawas ng emisyon¹⁵ ng greenhouse gases, ito ay mas mura at hindi na nangangailangan ng karagdagang pamumuhunan kumpara sa maaaring mangyari kung wala ang CDM sa ilalim ng business-as-usual na kalakaran.. Ang namuhunan ay makakakuha ng mga carbon credit para sa pagbabawas at maaari nya itong gamitin upang maabot ang kanyang Kyoto target. Kung ang CDM ay gagana ng maayos, hindi ito magbubunga ng mas marami o mas kaunting pagbabawas kumpara sa pinagkasuduan sa Kyoto Protocol – babaguhin lang nito ang lokasyon kung saan nangyayari ang pagbabawas.

Isang halimbawa: Ang isang kompanyang Pranses ay kinakailangang magbawas ng emisyon bilang bahagi ng kanyang kontribusyon upang maabot ng Pransiya ang kanilang target sa pagbabawas ng emisyon, sa ilalim ng *EU Emissions Trading Scheme*. Sa halip na magbawas ng emisyon sa sariling aktibidad sa Pransiya, ang kompanya ay magbibigay nalang ng pondo para sa pagtatayo ng bagong planta ng biomas sa India na hindi makapag-umpisa kung wala ang pondong ito. Ito, ayon sa kanila, ang hahadlang sa konstruksyon ng mga bagong planta ng fossil fuel, o maglilipat ng konsumo ng kuryente mula sa dati, na magbubunsod ng pagbabawas ng emisyon ng greenhouse gas sa India. Makakakuha ng credit ang namumuhunang Pranses para sa mga pagbabawas na ito at magagamit niya upang maabot ang target na pagbabawas ng kanilang bansa.

Mapapansin na ang ganitong halimbawa ay hindi makatotohanan sa tunay na buhay. Sa partikular na pananaw, ang pagtataya sa kung ano ang mangyayari sa pinondohang plantang Biomass ng mga Pranses kung hindi ito ituloy ay napakahirap asamin. Sapagkat ang pagtatayang ito ay nangangailan ng panghuhula sa mga hindi matiyak na kaganapan; datapwat kung hindi ito pahintulutan, hindi natin malalaman kung ang ating mga pagtataya ay tama.. Kadalasan ay maraming posibleng senaryo sa maaaring mangyari na mas lalong nagpapahirap dito kumpara sa halimbawang ipinakita sa itaas. Sa maraming kaso, ang carbon credits ay maraming beses na ikinakalakal at kadalasang kinasasangkutan ng mga tagapamagitan tulad ng World Bank o iba pang ahensya sa pagkuha ng carbon credit o *carbon credit procurement agency* na namumuhunan para sa mga gobyerno ng industriyalisadong bansa at mga kompanya. Sa iba pang mga kaso, ang mga debeloper ng proyekto ay nagpopondo ng sarili para sa mga proyektong CDM sa halip na maghanap ng mamimili para sa pagbabawas ng emisyon. Gayun pa man, ang pangunahing dahilan ay ganon parin: ang mga gobyerno ng mauunlad bansa at korporasyon ay nagbibigay ng pananalapi upang makagawa ng mga proyektong magreresulta sa kakaunting emisyon kaysa sa dapat na mangyari. Ang mga credit para sa pagbabawas ng emisyon ay kinukuha ng mga industrilisadong bansa na nagpondo dito, na maaaring gamitin upang maabot ang target sa pagbabawas.

Ang proseso kung papaanong ang mga indibidwal na proyekto ay pinapalawig at inaaprubahan ay ipinapaliwanag sa susunod na bahagi.

3 Ang pag-ikot ng proyektong CDM: mula sa disenyo ng proyekto hanggang sa pag-iisyu ng carbon credits

Ang Designated Operational Entity sa ilalim ng CDM ay karaniwang mga Pribadong kompanya na inakredit at itinalaga ng UNFCCC upang:

- I-endorso at kasunod na hingin ang pagpaparehistro ng iminungkahing aktibidad ng proyektong CDM na maikokonsiderang legal matapos ang 8 linggo kung walang ginawang paghiling upang ito ay suriin. Sa ganitong pagganap, tatawagin natin ang DOE “validator” sa Gabay na ito.
- Beripikahin ang pagbabawas ng emisyon sa aktibidad ng rehistradong proyektong CDM, sertipikahan ito na kinakailangan at hilingin sa Board na mag-isyu ng nararapat na Certified Emission Reductions. Ang pag-iisyu ay ikokonsiderang pinal 15 araw matapos gawin ang aplikasyon maliban lang kung may hiling para ito ay suriin. Sa ganitong pagganap, tatawagin natin ang DOE “verifiers” sa guide na ito.

Ang mga malalaking accredited validators ay ang sumusunod:>

TÜV SÜD Industrie Service GmbH (TÜV SÜD)

> SGS United Kingdom Ltd. (SGS)

> Det Norske Veritas Certification AS (DNV)

> Bureau Veritas Certification Holding SAS (BVCH)

> Korea Energy Management Corporation (KEMCO)

> TÜV NORD CERT GmbH (TÜV Nord)

Para sa k umpletong listahan ng mga validators, tingnan ang

<http://cdm.unfccc.int/DOE/list/index.html>

Ginawa ang Marrakech Accords upang magtakda ng mga rekisitos para sa mga proyektong CDM. Upang mapatotohanan na lahat ng kinakailangang rekisitos ng CDM ay naisumite, kukuha ang mga project developers ng third-party validators na gaganap bilang extended na kamay ng CDM Executive Board¹⁶. Sa lengwahe ng UNFCCC, ang mga validators na ito ay tinatawag na *Designated Operational Entities (DOEs)*¹⁷ ngunit upang maiwasan ang mas marami pang sinonimo at shortcut, ito ay tatawagin nating validators at verifiers sa Gabay na ito. Tingnan ang mas marami pang impormasyon sa kahon sa kaliwa. . Kapag natiyak na ng validator na naabot ang rekisitos ng Marrakech Accords, irekomenda nila ito sa Executive Board ng CDM upang mairehistro ang proyekto, kinakatawan nito ang pinal na pagsang-ayon. Kung walang di-pagsang-ayon ang Board sa rekomendasyong ito sa loob ng 8 linggo, ang proyekto ay awtomatikong marerehistro at maari nang mag-umpisa sa pagsubaybay at pagkuha ng credits para sa pagbabawas ng emisyon. Sa prinsipyo, nangangahulugan na ang rekomendasyon ng validators ay pinagtitiwalaan ng CDM Executive., Subalit makikita ang opsyon para sa “check-and-balances” sa pagkakaroon ng huling salita kung sakaling magkaroon ng di pagkaka-unawaan. Kung mas mabuti ang trabaho ng mga validators, mas kakaunti ang paghiling para sa pagsusuri ng Board. Gayunman, ang pagganap ng

mga validators ay mariing pinupuna sa nagdaang panahon at tatlong validators na ang nasuspindi na sa nakaraan dahil sa kabiguang masunod ang mga pinakamababang antas ng pangunahing rekisitos. Samakatuwid, napakahalagang tutukang mabuti ang trabaho ng mga validators at makialam kung kinakailangan.

Bago makapag-isyu ng CER, ang CDM Executive Board, tulad ng carbon credits, ay kinakailangang maberipika muna ng ibang DOE sa pagbabawas – hindi nang kung sino ang nagbigay ng balidasyon – at tatawaging verifier sa Gabay na ito ang pamamaraan ng pag-monitor, beripikasyon at pagbibigay ng carbon credits ay nagpapatuloy sa kabuuan ng panahon na kung saan ang proyekto ay makakakuha na ng credit para sa pagbabawas ng emisyon¹⁸.

Sa kabuuan ang paguulit-ulit ng proseso ng CDM ay maaaring hatiin sa 7 hakbang na mas detalyadong ipinapaliwanag sa ibaba:

For editing: Please add the illustration of the CDM project cycle next to this section

1. Paghahanda ng Project Design Document (PDD)
 - a. Konsultasyon ng mga local na stakeholder
 - b. Pagtatasa ng Epekto sa Pangkalikasan (EIA)
 - c. Pamamaraan para matansya ang baseline
 - d. Pagpapakita ng additionality
2. Pagkuha ng pagsang-ayon mula sa mga bansang kasali
3. Balidasyon at ang 30 araw na public comment period
4. Pagrehistro ng CDM Executive Board
5. Pagmomonitor ng pagbabawas ng emisyon
6. Beripikasyon, sertipikasyon at pagbibigay ng credit sa pagbabawas ng emisyon
7. Pagre-renew ng crediting period

May mga oportunidad sa kabuuan ng prosesong ito para makapagbigay ng input ang publiko. Bilang bahagi ng eksplanasyon sa siklo sa proseso ng CDM, ang mga pangunahing oportunidad para sa input ay minarkahan ng (please put down arrow icon). Mayroon ding mga pagsusuri ng ganitong mga oportunidad sa dulo ng section na ito.

¹⁶ CDM Executive Board Annual Report 2009, p8

¹⁷ Para sa talaan ng akreditadong DOE, sumangguni sa <http://cdm.unfccc.int/DOE/list/index.html>

¹⁸ CMP/2005/8/Ad1, p17 para49: Crediting period can either be a maximum of 7 years which may be renewed at most 2 times or a maximum of 10 years with no option of renewal. Note that the lifetime of the CDM project can be different from the lifetime of the actual project. A dam for example may have an operational lifetime of over 50 years yet only generate carbon credits as a CDM project for 10.

THE CDM PROJECT CYCLE

PROJECT IDEA NOTE · PIN·

CDM application is considered for the first time



VALIDATION O BALIDASYON



PROJECT DESIGN DOCUMENT (PDD)



Paglalahad ng impormasyon ukol sa mahalagang teknikal at organisasyunal na aspeto ng proyekto, na inihanda ng debeloper o ng isang inupahang kasangguni

HOST COUNTRY APPROVAL OF CDM PROJECT



Ang pagbibigay ng pagsangayon ng itinalagang may kapangyarihan ng Bansa

30 DAY PUBLIC COMMENT PERIOD



Ang posibilidad ng pagbibigay ng civil society ng mga puna.



REGISTRATION



REQUEST FOR REGISTRATION



And PDD at ulat ng balidasyon ay ipapasa sa CDM Secretariat

REQUEST FOR REVIEW / REVIEW OF THE PROJECT



Ang Pagsusuri at hindi pagsangayon kung ang proyekto ay nabigo sa pagtugon sa rekisitos

CDM EXECUTIVE BOARD APPROVAL



Ang proyekto ay naitala na



VERIFICATION & CERTIFICATION



PAGSUBAYBAY O MONITORING



Project participant must collect and archive all data required by the PDD monitoring plan to calculate the number of credits to be generated by the project

BERIPIKASYON



DOE conducts a periodic independent review and ex post determination of the monitored GHG emission reductions

PAGSERTIPIKA NG ULAT PAGSUBAYBAY O CERTIFICATION OF MONITORING REPORT



DOE assures that a project activity achieved the reductions in GHG emissions as verified



ISSUANCE



REQUEST FOR ISSUANCE



Ang mga ulat sa Pagsubabay, Beripikasyon at Sertipikasyon ay ipapasa sa CDM secretaria

REVIEW / REJECTION OF ISSUANCE REQUEST



May posibilidad na pagtangi sa issuance kung hindi makapasa ang proyekto sa pagpapatunay nang naberipikang dami ng nabawas na GHG emission.

CDM EXECUTIVE BOARD APPROVAL



Ang Certified Emissions Reductions (CERs) ay ilalabas at ipapamahagi sa kalahok na proyekto

3.1. Unang Hakbang: Paghahanda sa Project Design Document (PDD)

Ano ang nasa Project Design Document?

- Ang pangkalahatang deskripsyon ng proyekto.
- Ang baseline hanggang sa aprubadong baseline methodology (tignan ang pahina 11)
- Ang durasyon ng proyekto at ng crediting period (tignan ang pahina 19)
- Ang demonstrasyon kung papaano lilikha ng pagbabawas ng emisyon ang isang proyekto na karagdagan sa maaaring mangyari kung wala ang CDM (tignan ang pahina 11)
- Ang pagsusuri sa epekto nito sa kalikasan (tignan ang pahina 10)
- Ang pagtatalakay sa proseso ng konsultasyon sa stakeholder at kung papaano kinokonsider ang mga komento ng stakeholder (tignan ang pahina 10)
- Ang pagmo-monitor at plano para sa pagbeberipika (tignan ang pahina 9)

Bago makapagpasa ang debeloper ng proyekto para sa balidasyon kinakailangan nilang maghanda ng tinatawag na Project Design Document (PDD).

Ang PDD ay isang uri ng mga pre-formatted checklist na dapat makumpleto ng mga debeloper ng proyekto, nagpapakita ito ng disenyo ng proyekto at kung papaano nito maaabot ang mga rikisito sa balidasyon ng CDM. Ito ang prinsipal na dokumento na tatasahin ng mga validator sa pagdedesisyon kung aaprubahan ang isang proyekto o hindi, at ang dokumentong ito ay nakahanda para sa 30 araw na public comment period, ito ay isang napakahalagang hakbang sa pagsisimula ng proyektong CDM.

Bago magdesisyon kung anong PDD form ang gagamitin, kailangan munang matukoy ang tipo ng aktibidad ng proyektong CDM. Mahalaga ang tipo ng aktibidad sa pagtatakda ng tuntunin na nararapat sa kabuuan ng proseso. Ang mga sumusunod ay ang mga pangunahing panuntunan:

- Ang proyekto ba ay pangmalakihang antas (large scale) o pangmaliitan o small-scale¹⁹?
- Ang proyekto ba ay nakakabawas o nakaka-alis ng emisyon sa pamamagitan ng afforestation at eforestation (A/R) project activities²⁰?
- Ang proyekto ba ay karapatdapat sa programme of activities²¹?

Tignan ang pahina 15 para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa iba't-ibang aktibidad ng proyekto. Lahat ng iba't-ibang PDD forms²² na kailangan para sa iba't-ibang aktibidad ng proyekto ay nasa wikang Ingles at maaaring makuha sa UNFCCC website: http://cdm.unfccc.int/Reference/PDDs_Forms/PDDs/index.html. Ang mga ebidensya at impormasyon ng proyekto ay dapat na ikabit sa PDD, ngunit ang mga pangunahing impormasyon ay dapat na ireport sa PDD.

Sa lahat ng mga bagay na dapat tandaan sa pagdidisenyo ng proyektong CDM at paghahanda ng PDD, ang pinakamahalagang isaalang-alang ay:

- 1) ang konsultasyon sa lokal na stakeholder
- 2) ang pagtatasa sa epekto sa kapaligiran
- 3) ang mga pamamaraan sa pagtataya ng baseline, at
- 4) ang pagpapakita ng additionality.

3.1.1. Konsultasyon sa local na stakeholder consultation



Bago ang preparasyon sa PDD, sasangguni ang debeloper ng proyekto sa lokal na stakeholder²³ na makatwiran at karapat dapat na isaalang-alang nauukol para sa mungkahing CDM project activity²⁴ tungkol sa planong proyekto. Sa praktika, ito ay nangangahulugan na dapat na ipaalang ng mga debeloper ng proyekto sa mga taong naninirahan sa paligid ng aktibidad ng proyekto tungkol sa planong proyektong CDM. Isang pagpupulong ang dapat na ganapin kung saan ipapaliwanag ang dahilan ng proyekto at ang epekto nito. Kahit na sa ilang malayong pook na walang madaling paraan upang maipakalat ang balita tungkol sa planong proyekto, dapat siguruhin ng debeloper ng proyekto na ang mga taong may kinalaman ang siyang maimbitahan sa pagpupulong. Ang obligasyon sa pagpapatid sa mga tao ay maaaring mangahulugan ng pagpapadala ng SMS sa mga ito o kinakailangang sabihan ng personal. Pagkatapos ng miting ay dapat na ipakita ng debeloper ng proyekto kung papaano isinaalang-alang ang kanilang mga komento sa isinagawang konsultasyon ng PDD. Dapat matignan sa mismong PDD kung ang iyong komento ay itinala. Maaaring kontakin kami kung hindi ipinapakita sa PDD ang kinalabasan ng pagpupulong. Ang report kung papaano isinaalang-alang ng debeloper ang mga komento ng mga stakeholder ay makikita sa section E ng PDD.

3.1.2. Ang Pagtatasa sa Epektong Pangkalikasan (EIA)



Sa tuntunin ng CDM inuubliga na suriin ng debeloper ang epekto ng proyekto sa kapaligiran at, kung kinakailangan, maghanda ng EIA. Ito ay dapat na nakapaloob o nakalapi sa, PDD. Didisysunan ng host na bansa kung kinakailangan o hindi ang buong EIA. Kung ang pambansa at/o pangrehiyong regulasyon sa kapaligiran ay nangangailangan ng EIA na may kasamang public comment period, ito ay isa na namang pagkakataon para makapagbigay ka ng iyong input. Ang pagtatasa sa epektong pangkapaligiran ng proyekto ay makikita sa section D ng PDD.

¹⁹ Para sa mga proyekto na ang pinakamataas na output ay 15 MW, 60 GWh kada taon o mas mababa pa sa katumbas na 60 kt CO₂, ang pinasimpleng modalities at pamamaraan ay maaring langkop

²⁰ Rules and procedures regarding A/R CDM project activities are similar to those of GHG emission reduction CDM project activity.

²¹ Policies can qualify for the CDM under the so called Programme of Activities. PDD for small-scale activities, PDD for afforestation/reforestation activities,

²² PDD for programme of activities etc.

²³ Ayon sa glosario mga termino ng UNFCCC, ang kahulugan ng stakeholder ay "ang publiko, kasama ang mga idibidwa, pangkat o komunidad na apekatado, o mangyaring maapektuhan ng ipinanukalang proyekto ng CDM. Sa kasanayan, ang terminong ito ay ginagamit sa mga kalahok sa proyekto at hindi sa civil society. Sa gayon, iniwasan ng CDM Watch ang terminong ito sa lahat ng dako ng komunikasyon at sa halip ay ginagamit ang "civil society".

²⁴ Clean Development Mechanism Validation and Verification Manual p25;

Ang inyong input para sa mga bagong pamamaraan

Kung walang aprubadong metodolohiya ang isang planadong proyekto, ang validator na nagsisilbing kinatawan ng debeloper ng proyekto ay magpapadala ng isang mungkahi para sa isang bagong metodolohiya sa Executive Board. Hindi kaagad na susuriin ng Board ang mungkahing metodolohiya bagkus ay ibibigay muna ito sa *Methodology Panel* upang sila ang magbigay ng rekomendasyon kung ito ay aaprubahan o hindi. Ang *Methodology Panel*, ay isang lupon ng mga eksperto na nagpapayo sa Board sa mga isyung may kinalaman sa baseline at pagsubaybay ng metodolohiya. Ang Panel ay maaaring kumuha ng input mula sa mga listahan ng mga eksperto at kinakailangan ding magawang nakahanda ang bagong metodolohiya para sa 15 araw na public comment period. Iannunsiyo ito sa opisyal na website ng UNFCCC. Mayroon ding sistema ng notipikasyon sa email na maaaring mag-subscribe sa <http://cdm.unfccc.int/NewUser.html>. Dapat ding malaman ng inyong Designated National Authority (DNA) kung ang mga proyekto sa inyong bansa ay nagpapasa ng mga bagong metodolohiya. Base sa mga komento at mga input mula sa mga eksperto, ang Methodology Panel ay magbibigay ng rekomendasyon sa Executive Board na kinakailangang magdesisyon kung tatanggapin ang rekomendasyon sa kanilang susunod na pagpupulong. Kung pamamaraan ay hindi tanggapin ito ay maaaring muling ipasa.

Sang halimbawa upang ilarawan ang baseline:

Isang debeloper ang nagsasabing kailangan nya ng carbon credits upang pondohan ang pagtatayo ng isang planta ng biomass. Kung walang credits, hindi mauumpisahan ang planta, kung gayon ang bunga ng “business as usual” ay kung ang planta ng kuryente na gumagamit ng langis ang itatayo upang matugunan ang lokal na pangangailangan sa kuryente. Dito, ang planta ng langis ang baseline. Kung ang plantang ito ay magbubuga ng 50,000 tonelada ng carbon dioxide sa isang taon, ang planta ng biomass ay inaasahang makapagbabawas ng ganun din kalaking emisyon. Ang pagsusuri sa baseline at ang pagtukoy kung ito ay talagang kumakatawan sa maaring mangyari kung walang CDM ay napakahalaga sa mga kinatawan ng civil society. Kung ang baseline ay hindi kakumbi-kumbinsi, gayundin ang proyekto, ito ay hindi dapat na aprubahan. Ang baseline ay makikita sa section B ng PDD.

Mga Aprubadong mga Pamamaraan:

Mga aprubadong metodolohiya: mula Pebrero 2010, mayroon nang 96 na aprubado at nailathalang large-scale na metodolohiya ng baseline at 55 na small-scale na metodolohiya ng baseline. Mayroon pang 29 na metodolohiya ang pinag-aaralan. Maaari nyo itong ma-access sa <http://cdm.unfccc.int/methodologies/index.html>

²⁵ CMP/2005/8/Ad1, p16 para44

²⁶ Marrakesh Accords paragraph 48

²⁷ sumangguni sa [EB08 Anx1 para 4-5] para sa patnubay

Additionality:

Ang aktibidad ng proyektong CDM ay additional kung ang emisyon ng GHG ay mas mababa sa dapat na mangyayari kung wala ang rehistradong aktibidad²⁸ ng proyektong CDM. Ito ay nangangahulugan na ang non-additional na proyekto ay makakagawa ng pekeng carbon credits na maaaring magamit ng bansang nasa Annex I upang maiwasan nya ang tunay na pagbabawas ng emisyon sa sariling bansa. Ito ay dudulot sa kahulihulihan sa pandaigdigang pagtaas ng emisyon.

3.1.3. Mga pamamaraan sa pagtataya ng baseline

Lahat ng proyekto ay kinakailangang pumili ng pamamaraang umaayon sa Executive Board para sa pagtataya ng emisyon ng proyekto. Lahat ng PDD ay nakaistruktura sa isang pamamaraang naaangkop sa ganitong tipo ng proyekto. Mayroong malaking bilang ng mga aprubadong pamamaraan depende sa sektor (hal. basura, hydropower, hangin). Karagdagan sa normal na proyekto, mayroong hiwalay na mga pamamaraan para sa maliliit na proyekto at sa sinks projects. Gayunman, kung walang aprubadong pamamaraan upang masimulan ang baseline na angkop sa proyekto, isang bagong pamamaraan ang maaaring ipasa upang aprubahan bago bigyan ng awtoridad ang buong proyekto (tignan ang teksto sa kahon sa kaliwa kaugnay sa mga paraan paano maimpluwensyahan ang baong mga pamamaraan).

Ang baseline na nabuo sa inaprubahang pamamaraan ay inaasahang makikita nang ang mga posibleng pangyayari kung wala ang proyektong CDM (i.e. yun ay kung ano ang mangyayari sa ilalim ng business as usual) at ang maaaring mangyaring emisyon ng greenhouse gas sa ganitong scenario. Ang pagkukumpara sa baseline ng proyekto ay nagbibigay ng isang pagtataya sa kung gaano karaming pagbabawas ng emisyon ang inaasahang makakamit ng proyekto. Ang pagdebelop ng baseline ay kritikal din sa pagdedesisyon kung ang isang proyektong CDM ay additional, sapagkat ang pagtetesting ng additionality ay nangangailangan ng pagtatanong kung ang isang proyektong CDM ay baseline o hindi (i.e. iyon ay kung ang mismong proyekto ay bunga ng business as usual). Kung ganun ito ay isang additional dahil sa mangyayari rin naman ito talaga (tignan sa ibaba ang iba pang impormasyon sa napakahalagang konsepto ng additionality). Ang lahat ng impormasyon tungkol sa baseline ay matatagpuan sa section B.1 at B.4 ng PDD.

Sa simpleng salita, ang pamamaraan ng baseline ay ginagamit upang mapanatili ang baseline (na sa ating haimbawa ay ang emisyon ng mismong planta ng langis). Ang metodolohiya ay ginawa na gumagamit ng mga sumusunod na pangkaraniwang mga paraan:

Ang nananatiling aktuwal o makasaysayang emisyon, kung nararapat; o

1) Ang emisyon mula sa teknolohiya na kumakatawan sa isang *economically attractive course of action*, isinasaalang-alang ang mga sagka sa pamumuhunan; o

2) Ang normal na emisyon ng mga kaparehong aktibidad sa proyekto na isinagawa sa nakalipas na limang taon, sa katulad na pangyayaring pang-sosyal, pang-ekonomiko, pang-teknolohika at pang-kalikasan, at ang kanilang perfo

1. Ito ngayon ay gagamitin sa mga espisipikong sitwasyon na kung saan ang proyekto ay mapapalabong, sa gayon ay mabubuo ang baseline. Kung anung pangkalahatang paraan ang pipiliin, papaano ginawa ang pamamaraan, at kung papaano ito ginagamit sa sitwasyon na kung saan ang proyekto ay dinidedelap ay

ipinapaliwanag sa section B.1 at B.2 ng PDD.

Ang metodolohiya ay naglalaman din ng pamantayan para sa plano ng pagsubaybay o monitoring plan kapag ang proyekto ay narehistro na. ang monitoring plan ay ipinapaliwanag sa ika-B.7 na bahagi ng PDD.

3.1.4. Paglalarawan ng additionality

Ang katanungan kung ang proyekto ay additionality ay isang pangunahing hamon para sa pangkalikasang integridad ng CDM. Ang additionality ay tungkol sa pagsasala sa business-as-usual o “non-additional” na proyekto. Ang CDM ay tanging sa mga aktibidad na matapos ang sa ‘business as usual lamang dapat na nakagawa ng carbon credits, ito ay mula sa mga proyektong ginawa lamang

²⁸ Ang non-additiona credits ay mayroon ding malaking epekto sa iba pang pambansang target na nagpapahintulot sa CERs na maging dapat sa compliance, tulad EU ETS.

²⁹ Barbara Haya: "Measuring Emissions Against an Alternative Future: Fundamental Flaws in the Structure of the Kyoto Protocol's Clean Development Mechanism", December 2009

³⁰ CMP/2005/8/Add1, p16 para43

para sa labis na kita mula sa pagbebenta ng carbon credits. Ang bawat proyektong 'business as usual' na pinapayagang makakuha ng carbon credits sa ilalim ng CDM ay magbibigay ng pahintulot sa mga industriyalisadong bansa na magpalabas ng higit sa kanilang Kyoto targets²⁸ sa pamamagitan ng pagbabayad sa debeloper sa mga bansang mahihirap na gawin ang kanilang tumpak na ginagawa sa halip na magbawas ng emisyon²⁹. Ito ang dahilan ng pagtitika na ang additionality ay dapat na laging gawin na may konserbatibong palagay matapos ang masusing pagsusuri sa lahat ng mga datos na kinakailangan upang masubok ang paninindigan ng aplikante sa proyekto. Ang pagpapakita kung bakit additional ang isang proyekto ay nasa section B.5 ng PDD.

3.2. Step 2: Pagkuha ng pagsangayon mula sa mga bansang kasali

Upang mapagtibay ang isang proyekto, ang debeloper ay dapat na makakuha ng isang nakasulat na kumpirmasyon mula sa bansang pinagdadausan ng proyekto (bansang di kasama sa Annex I) at sa bansang nagnanais na bumili ng CERs mula sa nasabing proyekto at malinaw na nakasaad na ang kanilang pagsali ay boluntaryo. Ang pagrerehistro ng aktibidad ng proyekto ay maaring maganap kahit na walang kasamang bansang mula sa Annex I ang kasali sa panahon ng pagpaparehistro. Ito ay tinaguriang "unilateral CDM project". Gayunman, bago makakuha ng CERs ang isang Annex I Party mula sa aktibidad ng unilateral na proyekto ay kinakailangan munang magpasa ng isang sulat ng pagsang-ayon sa CDM Executive Board upang maaprubahan ng administrador ng CDM Registry³¹ ang CERs mula sa CDM Registry papunta sa Annex I national registry.

Kinakailangang kumpirmahin ng pinagdadausang bansa na ang "aktibidad ng proyekto ay tumutulong sa likas na pagunlad o *sustainable development*". Ang desisyon sa kung ano ang bumubuo sa likas na pag-unlad³² ay naiiwan sa kamay ng pinagdadausang bansa. Muli, walang pamantayan o panukatan ang mandato sa panuntunan ng CDM.

Ang kumpirmasyon ay ibinibigay ng DNA para sa CDM Ang DNA ay isang ahensiya o departamento sa inyong gobyerno na humahawak sa lahat ng bagay na may kinalaman sa pagpapaunlad ng mga proyektong CDM sa inyong bansa. Ang listahan ng mga existing na DNA ay maaaring makuha sa <http://cdm.unfccc.int/DNA/index.html>. Ang pagkontak sa DNA at pagtuklas sa kung papaano nila inaaprubahan ang mga proyekto at kung anong proyekto ang dadaan sa pipeline ay isang esensiyal na hakbang para sa mga NGO na nagnanais na maimpluwensiyahan ang implementasyon ng CDM sa kanilang bansa. Sa ibang bansa, tulad ng Brazil, ang mga NGO ay sangkot sa proseso ng pag-apruba sa proyekto – isang bagay na dapat mong hilingin mula sa iyong gobyerno. May ilang gobyerno, tulad ng Armenia, ay nagbibigay ng isinaling bersiyon ng PDD.

Walang magkaayong pangkat pamantayan para sa sustenableng pag-unlad. Ngunit sa pinakahuling desisyon tungkol sa higit na malayong patnubay na may kinalaman sa mekanismo sa malinis na pag-unlad na hango sa Copenhagen³³ ay humihikayat sa DNA na ilathalaang pamantayang ginagamit nila sa pagtatasa sa kontribusyon ng aktibidad ng proyekto tungo sa sustenableng pag-unlad. Kung nais nyong maglobi para sa pagsusulong ng pamantayan ng sustenableng pag-unlad, maari mong itaguyod ang pangkat ng pamantayan sa sustenableng pag-unlad na ginagamit ng Gold Standard sa

<http://www.cdmgoldstandard.org/Current-GS-Rules.102.0.html>.³⁴

3.3. Step 3: Ang Balidasyon at ang 30 araw na public comment period

Ang debeloper sa ngayon ay mayroon nang baseline at plano ng monitoring hango mula sa aprubadong pamamaraan, kumpirmasyon ng boluntaryong partisipasyon mula sa kasaling mga bansa. Ang pagsang-ayon ng pinagdadausang bansa na ang proyekto ay nakakatulong sa likas pag-unlad, at isang pinal na PDD. Ngayon, ang proyekto ay maaari nang kumpirmahin. And balidasyon ay ang punto na kung saan ang validator, pagkatapos ng pagtatasa sa lahat ng mga rekisitos, ay magrekomenda ng pagsang-ayon sa proyekto sa CDM Executive Board. Samantalang sa mga nagdaang taon na ang rekomendasyong ito ay halos nangangahulugan ng garantisadong pagtatala mula sa Executive Board sa pinakahuling pangyayari na may kinalaman sa paggampan ng mga validator ay nagdulot ng puspos na pagtaas ng mga pag-aaral sa mga rekomendasyong ito at ang siguradong pagtanggap sa mga proyektong mayroong kahiligan ng rehistrasyon³⁵.

Bago tasahin ng validator kung ang debeloper ng proyekto ay nakasunod sa mga hinihinging pangunahing rekisitos sa PDD, ang publiko ay mayroong 30 araw³⁶ na public comment period. Kung ang ginamit na pamamaraan ay nagbago sa hindi malamang kadahilanan matapos na ang PDD ay gawing bukas sa publiko, ang validator ay muling gagawa ng updated PDD at gagawin itong bukas sa loob ng 30 araw. Sa panahong ito, maaari ka nang magbigay ng iyong mga katanungan sa validator kung naabot ng proyekto ang rikisitos sa balidasyon at kung ito ay aaprubahan. Kayat ang balidasyon ay isang napakahalagang punto sa proseso ng pagsang-ayon sa proyekto para sa civil society actors.

³¹ EB18 Rep, para57

³² The Marrakesh Accords, FCCC/CP/2001/13/Add.2, <http://unfccc.int>

³³ CMP.5 - Further guidance relating to the clean development mechanism, para...

³⁴ Sinesertipika ng Gold Standard Foundation ang mga proyekto ng pagbabawas ng emisyon sa loo ng CDM at ang boluntaryong merkado ng offset na naayon sa pamantayan: www.cdmgoldstandard.org

³⁵ Hanggang Pebrero 2010, 147 lamang ng mga proyekto ang tinanggihan. Para sa madami pang detalye, sumangguni sa <http://cdm.unfccc.int/Projects/rejected.html>

³⁶ EB25 Rep, para92-93

Commenting Checklist

- Ikaw ba ay kinunsulta ng debeloper ng proyekto habang sila ay nagdidisenyo ng proyekto? Kung oo, ang buod ba ng iyong mga komentong lumabas sa PDD ay wastong sumasalin sa iyong mga sinabi at nasagot ba nito ang iyong mga pagdududa?
- Sapat ba ang pagtatang pangkapaligiran ng proyekto?
- Ang baseline ba ay isang wasto at kapanipaniwalang pagtataya ng maaaring mangyari kung wala ang proyektong inirehistro bilang isang proyektong CDM?
- Ang proyekto bang ito ay matutuloy kung ito ay hindi rehistrado bilang isang proyektong CDM – ito ba ay additional?
- Inaprubahan ba ng CDM authority ng inyong bansa ang proyektong ito?
- Ang proyekto ba ay nakakadagdag sa sustenableng pag-unlad ng inyong bansa?

Sa Pahina 17 ng Gabay na ito, ang pangunahing rekisitos sa balidasyon ay ipinapaliwanag ng detalyado at nakakabit sa karugtong na bahagi (cross reference) ng mga mahahalagang seksiyon ng PDD. Dapat tandaan na kinakailangang sagutin ang lahat ng komento sa panahon ng commenting period at kailangang repasuhin ng mabuti kung tinupad ng debeloper ng proyekto ang mga rekisitos ng CDM. Maaari niya itong gawin base sa mga nakahandang dokumento kung ito ay sapat o kinakailangang magsagawa ng pakikipagpanayam sa mga lokal na stake holders. Maaari lamang umpisahan nang proyekto kung napatunayan ng validator na natupad ng proyekto ang lahat ng rekisitos ng CDM sa kabila ng iyong mga pahayag. Kung ang validator ay lubos na naniniwala na ang proyekto ay dapat na aprubahan, siya ay magpapasa ng validation report sa EB na bibubuo ng rekomendasyon na ang proyekto ay dapat na mairerestore³⁷. Dapat na isapubliko ang ulat ng balidasyon kapag ito ay ipinadala na sa Board at nararapat na may kalakip na eksplanasyon kung papaanong isinaalang alang ang mga komento. Kung ikaw ay nagpasa ng iyong komento sa isang proyekto, makabubuting tingnan ang validation report upang makita kung papaano kinonsidera ang iyong

mga komento..

Tandaan na hindi kailangang pahabain ang komento at hindi kinakailangang tukuyin ang lahat ng rekisitos sa balidasyon o ang teknikal na espisipikasyon ng proyekto. Ang iyong ipapasa ay maaaring isang talatang email o fax na tumutukoy sa isang rekisitos lamang. Upang makita ang ilang halimbawa ng mga naisumite namin, pumunta sa website ng CDM Watch (http://www.cdm-watch.org/?page_id=711).

Ang abiso ng pag-uumpisa ng 30 araw na public comment period ay isinasapubliko lamang sa website ng UNFCCC <http://cdm.unfccc.int/Projects/Validation/index.html>. Sa kasamaang palad, hindi nagbibigay ng abiso ang UNFCCC para sa simula ng public commenting period ng mga proyektong CDM. Gayunman, magpadala po lamang ng email sa info@cdm-watch.org kung interesado ang makatanggap ng mga impormasyon sa mga bagong proyektong CDM na nakatakda sa public comment period at kayo ay aming abisuhan palagi. Isa ring magandang ideya na kontakin ang inyong DNA at alamin kung anu-anong proyekto ang dinadepel at kung kailan nila ilalabas para sa pampublikong komento.

3.4. Step 4: Pagrehistro mula sa CDM Executive Board

Ang pagrerehistro mula sa CDM Executive Board ay awtomatikong tatagal ng 8 linggo matapos matanggap ang validation report maliban lang kung ang isa sa mga bansang kasali sa proyekto o kung may tatlong miyembro ng EB ang humiling ng pag-aaral. Ito ay teoretikong nagbibigay sa civil society actors ng huling pagkakataon upang impluwensiyahan ang pagpapatibay sa proyekto. Kung naniniwala kang ang isang proyekto sa inyong rehiyon ay hindi dapat maaprubhan, dapat mong itulak sa inyong lokal na pamahalaan na hilingin ang pagrepaso. Sa aktwal,  malabong gawin nila ito lalo na kung naaprubahan na nila ang proyekto, subalit ganun pa man, napakahalagang maitaas ang inyong pakikisangkot. At dahil ang bilang ng mga proyektong humihiling ng pagpapatala ay umaabot sa halos 30 – 70 proyekto sa isang buwan, nangyayari na ang mga problemadong mga proyekto ay nakakalusot sa proseso. Samakatuwid, palagi ang inirekomenda na taasan ang ating pakikialam tungkol sa problemadong proyektong CDM. Kung may alam kang masamang proyekto, kontakin lamang ang CDM Watch sa info@cdm-watch.org upang makagawa ng political pressure laban sa pagpaparehistro na masama at/o hindi additional na proyektong CDM.

3.5. Step 5: Pagmomonitor ng pagbabawas ng emisyon

Kapag ang proyekto ay nairerestore na, magsisimula na ang debeloper sa pagmomonitor ng pagbabawas sa emisyon na naaayon sa plano sa pagmo-monitor na nakatala sa PDD. Ang operator ng proyekto ay kinakailangang mangolekta at magsinop nang lahat ng mga mahahalagang datos na kakailanganin para sa pagtataya sa pagbabawas ng emisyon at magsulat ng monitoring report.

³⁷ Kung tinanggihan ng DOE ang proyekto, hindi ito gagawa ng ulat subalit kinakailangan nitong magbigay ng eksplanasyon sa debeloper kung bakit hindi pinahintulutan ang proyeto. Pansinin lamang na ang proyekto ay maaaring isalang-alang na payagan para sa balidasyon at kasuno na pagrerehistro matapos ang mga rebisyon,

3.6. Step 6: Beripikasyon, sertipikasyon at pag-iisyu ng pagbabawas ng emisyon

³⁸ Binawasan ng 2% na syang isinisinop para sa adaptation fun. Sumangguni sa glossary para sa iba ang detalye

Bago makakuha ng credit ang isang proyekto, ang DOE (iba sa mismong gumawa ng balidasyon) ay dapat na gumawa ng beripikasyon na nagsasaad ng pagbabawas sa ulat ng pagsubaybay ay nangyayari at pagsasamahin ang mga report ng beripikasyon. Ang beripikasyon ay ginagawa *periodically ex post*, yaon ay tuwing ikalawang buwan para sa crediting period. Ang report ng beripikasyon at monitoring report ay dapat na isapubliko. Kung sa pagtatasa ng verifiers ay sinasabing nangyari ang pagbabawas, dapat nila itong sertipikahan sa panulat sa EB. Ang dokumentong ito ay dapat ding isapubliko. Ang beripikasyon ay maaaring may kasamang pagbisita at pag-iinterbyu sa mga lokal na stakeholder, ngunit ito ay hindi sapilitan.

Ang sertipikasyon ay nasa porma ng hiling sa Executive Board na mag-isyu ng carbon credits – CERs – na katumbas ng beripikadong pagbabawas. Kung 15,000 tonelada ng CO₂e ang napatunayang naibawas, ay 15,00 ng CERs din ang kailangang iisyu.³⁸ Ang pag-iisyu ng mga credits na ito ay magaganap 15 araw matapos matanggap ng Board ang sertipikasyon. Katulad ng proseso ng pag-aaral sa panahon ng pagpaparehistro, ang proseso ng pag-iisyu ay nakikita din na ang kalahok sa proyekto, isa sa mga gobyernong kasali o tatlong miyembro ng Executive Board ay maaaring humiling ng pag-aaral. Ito ay nangangahulugan na ang proseso ng beripikasyon at pag-iisyu ay nagpapahintulot din para sa oportunidad na maimpluwensiyahan din ang proyektong CDM pagkatapos ng rehistrasyon. Kung naniniwala ka na ang isang proyekto ay hindi nakakapagbawas ng emisyon gaya ng sinasabi nito, maaari nyong kontakin ang verifier at ang CDM Watch tungkol sa ganyang impormasyon  information. Ang mga impormasyon tungkol sa kung anong Designated Operational Entity ang nagbeberipika sa emisyon mula sa isang parikular na proyekto ay laging isinasaad kasama ang mga impormasyon tungkol sa aktibidad ng proyekto. Maaari kayong maghanap ng proyekto sa <http://cdm.unfccc.int/Projects/projectsearch.html>.

Ang proseso ng beripikasyon, sertipikasyon at pag-iisyu ay magpapatuloy sa kabuuan ng period na kung saang proyektong siya kukuha ng credits

3.7. Step 7: Pagpapanibago ng crediting period

³⁹ CP/2001/13/Ad2, p23 para13]

⁴⁰ EB43 Anx13

Ang operator ng proyekto ay maaaring pumili mula sa dalawang magkaibang pamamaraan upang makapagdesisyon sa haba ng crediting period:

- Maksimal na 7 taon na kung saan ay maaari itong mai-renew hanggang 2 ulit
- Maksimal na 10 taon na hindi na maaaring i-renew

Pangkalahatang ideya sa pag-papanibago ng crediting period (para sa 7 taon lamang)

- Kailangan na ang bagong PDDay may updated na baseline, taya ng pagbabawas ng emisyon at plano ng pagmomonitor
- Ang bagong PDD at ang intensyon na humiling ng pagpapanibago ng crediting period ay kinakailangang maipadala sa sekretariat ng UNFCCC sa loob ng 9 hanggang 6 na buwan bago ang expiration ng kasalukuyang crediting period
- Ang bagong PDD ay dapat na isapubliko sa loob ng 4 na linggo
- Ang opinyon ng balidasyon ay dapat na tasahin ang balidad ng orihinal na baseline o ng kanyang update sa pamamagitan ng pagtatasa sa mga sumusunod na isyu:

O ang epekto ng bago at napapanahong polisiyang pambansa at/o sektoral at ang mga sirkumstansiya sa baseline na isinasaalang-alang ang napapanahong patnubay ng EB; at

O ang pagiging tama ng aplikasyon ng pamamaraan para sa pagtukoy ng patuloy na pagiging balido ng baseline o ng kanyang update, at ang pagtataya ng pagbabawas ng emisyon para sa nararapat na crediting period.

O gagawa ng kumpletong pagsusuri ang UNFCCC

- Kung walang kahilingan para sa pag-aaral, ang crediting period ay mapapanibago.

Ang crediting period ay maaari nang magsimula bago pa ang petsa ng pagpaparehistro at maaari pang bumalik sa pagbabawas ng emisyon mula pa noong 2000 upang makakuha ng CERs.³⁹ Ito ang dahilan kung kaya't may ilang proyektong CDM na pumili ang 7 taong renewable na pamamaraan ang nakapag-renew na at nasa kanilang ikalawang ulit na.

Ang renewal ng crediting period ay nangangailangan ng updated na PDD na kukumpirma na ang orihinal na baseline ng proyekto ay balido pa o nai-update na. ang paraan ng renewal ay katulad ng isang kahilingan sa pagpaparehistro at hindi nangangailangan ng opisyal na oportunidad para sa iyong input. Ang updated na PDD ay ina-upload sa website ng UNFCCC sa loob ng 4 na linggo bago tasahin ng validator ang bisa ng orihinal na baseline o ng kanyang update⁴⁰. Maliban kung may kahilingan para sa pag-aaral sa loob ng 4 na linggo matapos ang pagsasapubliko ng kahilingan para sa pagpapanibago o *renewal*, ang crediting period ng isang rehistradong aktibidad sa proyektong CDM ay mapapanibagong muli sa loob ng 7 taon. Para sa mga karagdagang impormasyon ukol sa proseso ng renewal ng crediting period tignan ang kahon sa kaliwa

4. Pag-aaral ng mga oportunidad para sa input ng civil society

Cycle ng Proyekto	PHASE	Input ng Publiko
Paghahanda ng Project Design Document (PDD)	1	Sa panahon ng preparasyon ng proyekto, dapat kang konsultahin ng debeloper sa disenyo ng proyekto. Dapat magbigay ang debeloper ng pagtatasa hinggil sa epektong pangkalikasan ng proyekto. Depende sa inyong pambansa/rehiyunal na mga batas, maaaring mag-require ng Environmental Impact Kung ang proyekto ay gumamit ng bagong baseline at/o pamamaraan sa pagmonitor, dapat itong naaprubahan bago i-validate, na may 15-araw na public comment period.
Paghingi ng Aprubal sa mga bansang kasali	2	Kung ikaw ay nasa pinagdadausang bansa, dapat apruban at ikumpirma ng nyong DNA na ang proyekto ay makakatulong sa sustenableng pag-unlad. Dapat magkaroon ka ng input sa desisyong ito..
Balidasyon at ang 30 araw na public comment period	3	Bago ang kumpirmasyon sa proyekto, ang PDD ay dapat na bukas para sa 30-araw na public comment period.
Pagpapatala sa CDM Executive Board	4	Kung naniniwala ka na ang proyekto sa inyong rehiyon ay hindi dapat aprubahan, dapat mong itulak ang apela sa inyong lokal na pamahalaan para pag-aralan ito at paabutan ang CDM Watch.
Pag-monitor ng emission reductions	5	
Beripikasyon, sertipikasyon at pag-isyu ng emission reductions	6	Kung naniniwala ka na hindi nakakagampan ng proyekto ayon sa isinaad ng debeloper, dapat kang sumangguni sa verifier at CDM Watch.
Pag-renew ng crediting period	7	Ang bagong PDD ay dapat na bukas sa publiko para komentaryo sa loob ng 4 na lingo.

5. Pangkalahatang ideya ng espesyal na uri ng mga aktibidad ng proyekto

⁴¹ CP/2001/13/Ad2, p20

⁴² CP/2001/13/Ad2, p22 para7(a)

Sa prinsipyo, sa kahit na anong aktibidad ng proyektong CDM, maliban sa enerhiyang nukleyar at ⁴¹ang limitasyon sa paggamit ng lupa, pagpapalit gamit ng lupa at mga aktibidad sa mga proyektong pangkagubatan sa afforestation at reforestation⁴², maaaring ma-qualify bilang proyektong CDM. Ang mga pleksibleng panuntunanang ito ay nagresulta sa malawak na uri ng iba't-ibang aktibidad ng proyekto sa iba't-ibang sukat. Bilang tugon, ang panuntunan ng CDM ay iniaakma na sa pagdaan ng panahon at nakikita na ang mga espesipikong panuntunan para sa ilang tipo ng aktibidad ng proyekto:

5.1. Pang Maliitang Proyekto o Small Scale Projects (SSP)

⁴³ <http://cdm.unfccc.int/methodologies/SSCmethodologies/index.html>

⁴⁴ CMP/2005/8/Ad1, p45 para9

⁴⁵ CMP/2005/8/Ad1, p48 para24

⁴⁶ http://cdm.unfccc.int/methodologies/SSCmethodologies/AppB_SSC_AttachmentA.pdf

⁴⁷ http://cdm.unfccc.int/Panels/ssc_wg

Gumawa ang Kasunduang Marrakech ng hiwalay na kategorya para sa mga sukat ng proyekto. Ang tinaguriang “small scale projects” ay inilalarawan bilang:

- Proyekto ng renewable energy na may kapasidad na mas mababa sa 15MW; o
- Proyekto sa kapabiliidad ng enerhiya na nagbabawas sa konsumo ng hanggang 15GWh/taon; o
- Proyekto ng parehong nagbabawas ng mga emisyon sa mga pinagkukunan at direktang nag-eemit ng mas mababa sa 15kilotonnes ng CO₂ sa loob ng isang taon.

Ang mga pangmaliitang proyekto ay gumagamit ng ibang *project design document*, hiwalay na small scale methodologies at mas pinasimpleng panuntunan at proseso ng balidasyon. Ang mga pangunahing pagkakaiba ay:

- Maaaring gumawa ng balidasyon, sertipikasyon ang parehong validator (2 magkaibang mga validators para sa mga large scale projects);⁴⁴
- Ang pagtatala ng EB ay pinal 4 na linggo (o 8 sa malalaki) matapos ang petsa na matanggap ang paghingi para sa rehistrasyon;⁴⁵
- Pinasimpleng additionality testing.

Gayunman, ang partisipasyon ng publiko at ang rekisitos sa pagtatasa ng kapaligiran ng isang small scale na proyekto ay kapareho lamang ng sa isang normal na proyekto. Maaari mo pa ring gamitin ang Gabay na ito kung ikaw ay nagtatasa ng isang small scale na proyekto. Para sa mas maraming teknikal na impormasyon, tignan ang website ng “small-scale working group”⁴⁶ na itinatag ng Executive Board upang mapag-aralan ang mga mungkahing pamamaraan at mga kategorya ng proyekto para sa aktibidad ng small scale na proyekto.

5.2. Proyektong Sinks

Ang mga proyektong *afforestation*⁴⁸ at *reforestation*⁴⁹ (A/R) ay naiiba sa mga aktibidad ng proyektong CDM sapagkat hindi sila nagbabawas ng GHG bagkus ay tinatanggal lang ito pansamantala mula sa isang panahon⁵⁰. Kung sa gayon, ang panuntunan ng A/R ay partikular na tumutukoy sa mga sumusunod na pagkakaiba:

Karagdagang interes tungkol sa mga aktibidad ng proyektong sink

- ✓ Ang proyekto ba ay magbubunsod o magpapalawak ng pagpapalit ng gamit sa lupa sa labas ng pangunahing eryang nasasakop ng proyekto o maging ang mga hidwaan?
- ✓ Ito ba ay nagreresulta sa pagpapalis sa mga tao at sa mga lokal na aktibidad na nakaugalian na?
- ✓ Ito ba ay magtatanggal sa mga pang-agrikulturang aktibidad mula sa lugar ng proyekto?
- ✓ Ang proyekto ba ay nakaayon o komontra sa mga lokal na pangangailangan at prayoridad ukol sa paggamit ng lupa?
- ✓ Kung ang proyekto ay makakabuti para sa mga lokal na komunidad at sa konserbasyon ng biodiversidad, anu-anong mga alternatibong pamumuhunan sa karbon ang meron na makakapagsakatuparan ng proyekto?

- Pagiging hindi permanente:⁵¹ ang CO₂ na inihiwalay na ng mga puno ay maaaring lumabas na muli sa himpapawid kapag namatay ang puno, halimbawa sa isang pagsusunog ng kagubatan. Upang harapin ang problemang ito, maraming uri ng certified emission reduction ang ginawa, ito ay ang pansamantalang CERs at ang long term CERs. Ngunit ang tCERs at iCERs ay may bisa lamang para sa isang takdang panahon at kinakailangang palitan ng ibang permanente o i-offset sa ilang pagkakataon.

- Mas mahabang crediting period: Maaaring pumili ang debeloper ng proyekto sa 20 taon ng crediting period na maaring mai-panibago ng dalawang beses (kabuuang 60 taon sa maksimum), o maksimum na 30 taon ay maaaring piliin. (sa ibang proyekto ito ay 7 taon na maaaring irenew ng dalawang beses, o ang maksimum na 10 taon na hindi na pwedeng irenew).

Ang ibang panuntunan at pamamaraan ukol sa aktibidad ng proyektong A/R CDM ay katulad ng mga aktibidad ng proyektong CDM sa pagbabawas ng GHG. Para sa mga proyekto na umaasa ng netong pagbabawas ng hindi bababa sa 16,000 t-CO₂/taon⁵² at mga proyekto na dinebelop at ipinatupad ng mga may mababang kita ng komunidad at mga indibidwal, ang espisipikong panuntunan para sa small scale na proyektong AR. Pareho ang mga rekisitos sa partisipasyon ng publiko at sa pagtatasa ng kapaligiran para sa proyektong A/R at sa istandard na proyekto. Maari mo pa ring gamitin ang Guide na ito kung ikaw ay nagtatasa ng proyektong A/R. Gayunman, dahil sa mga espisipikong implikasyon ng mga aktibidad pangkagubatan, ay dapat mong itanong ang mga nakatalang tanong sa kahon sa kaliwa/kanan right/left kung ang kinokompronta mo ay isang proyekto sa carbon sinks.

⁴⁸ Ang pagtatanim ng mga bagong kagubatan sa mga lupain kung saan ay hindi kailanmang naging gubat, naaayon sa UNFCCC glossary of climate change acronyms

⁴⁹ Panibagong pagtatanim ng mga kagubatan na dati nang naging gubat subalit ginamit sa iba pang pamamaraan, UNFCCC glossary of climate change acronyms

⁵⁰ CMP/2005/8/Ad1, p71 para42

Ang mga Programa ng Aktibidad (PoA):

- ✓ Ay isang boluntaryong magkaka-ugnay na pagkilos ng mga pribado at pampublikong entidad;
- ✓ Pinag-uugnay at ipinapatupad ang kahit na anong polisiya/pamamaraan o nakasaad na layunin, yun ay pampasiglang pamamaraan at boluntaryong programa;
- ✓ Magbubunsod ng pagbabawas o pag-aalis ng GHG sa pamamagitan ng sinks;
- ✓ Gagawin ito sa pamamagitan ng walang katapusang bilang ng mga programang pang-aktibidad ng CDM.

Ang programa ng aktibidad ng CDM

- ✓ Ay isang aktibidad ng proyekto sa ilalim ng mga programa ng aktibidad;
- ✓ Nasa porma ng isa o pangkat ng magkaka-parehong pamamaraan;
- ✓ Upang mabawasan ang emisyon ng GHG o magresulta sa netong pag-aalis sa pamamagitan ng sinks na ginamit sa isang itinakdang erya na ipinapaliwanag sa pamamaraan ng baseline;
- ✓ Ang ginamit na pamamaraan ay dapat na ipinapaliwanag kung ang programang aktibidad ng CDM na ito ay isinagawa sa iisa o maraming pasilidad/instalasyon/lupa;
- ✓ Ang pangmaliitang metodolohiya ay maaari ding gamitin.

5.3. Programa ng mga Aktibidad (PoAs)

Sa karaniwan, ang mga polisiya at pamantayan ay hindi maikokonsiderang aktibidad ng proyektong CDM. Gayunman, sa porma ng tinaguriang Programa ng mga Aktibidad, ang mga polisiya na nagbibigay insentibo sa pagbabawas o pag-aalis ng GHG sa pamamagitan ng sinks ay maaaring matanggap para sa CDM. Ang ideyang ito ay upang palawakin ang larangan ng CDM at palaganapin ang aktibidad sa pagbabawas ng emisyon ng GHG na hindi magiging madali at uubos ng maraming oras upang mapalawig sa batayang proyekto sa proyekto. Sa praktika, ito ay gumagana ayon sa mga sumusunod:

Isang halimbawa ang programa ng aktibidad ng CUIDEMOS sa Mexico, ay kabilang ang pagpapamahagi ng mga bombilyang mahina ang konsumo ng enerhiya sa mga kabahayan sa buong Mexico. Sa ganitong kaso, ang paglalagay ng suportang polisiya na potensyal na magbubunga sa pagpapabago sa mabuting paggamit ng enerhiya sa ilaw ng mga kabahayan sa Mexico ay ang Programa ng Aktibidad. Gayunman, ang suportang polisiya ay hindi agad makapagbawas ng emisyon. Samakatuwid, ang bawat Programa ng Aktibidad ay maaaring makapagbawas ng emisyon sa pamamagitan ng walang katapusang bilang ng mga programa ng aktibidad ng CDM (mga aktibidad na ipinapatupad base sa suportang polisiya ay nangangahulugan ng ispesipikong bombilya para sa mga kabahayan).

6. Pangunahing rekisito sa balidasyon ng Project Design Document (PDD)

impormasyon ay sapat o kung may nawawalang pangunahing rekisitos.

Sa ilalim ay makikita ang listahan ng mga pangunahing patnubayan at kagamitan na nagbibigay ng wastong uri ng impormasyon para sa bawat pangkat ng PDD:

- Manwal ng balidasyon at beripikasyon ng Clean development mechanism (CDM VVM)⁵⁶
- Gabay para sa pagkumpleto ng project design document (CDM-PDD) at ang mungkahing bagong baseline at mga pamamaraan ng pag-monitor (CDM-NM)⁵⁷
- Mga kagamitan sa pagpapaliwanag at pagtatasa ng additionality⁵⁸
- Pinagsamang kagamitan sa pagtukoy sa senaryo ng baseline at pagpapaliwanag sa additionality⁵⁹
- Gabay sa pagtatasa ng investment analysis⁶⁰
- Gabay sa pagpapaliwanag at pagtatasa sa naunang konsiderasyon ng CDM⁶¹

Upang mabigyan kayo ng pangkalahatang balangkas ng mga rekisitos sa balidasyon binigyang diin namin ang mga espisipikong pangunahing rekisitos para sa importanteng bahagi ng PDD sa mga hinimay-himay na seksyon ng PDD-Form sa ibaba. Makakakita kayo ng mga opisyal na teksto mula sa gabay na minarkahang italic at ang pinagkunan ng rekisitos ay nasa talababa. Ang aming karagdagang komento ay idinagdag sa kahon ng teksto.⁶²

Taandaan lamang na may mga binura kaming parte ng orihinal na PDD-Form ngunit maaari nyong makita ang orihinal na iba't-ibang PDD sa http://cdm.unfccc.int/Reference/PDDs_Forms/PDDs/index.html.

It is important that projects within the CDM are not supported twice at the same time. Therefore, Annex I Parties must provide an affirmation that public funding does not result in a diversion of ODA and is separate from not counted towards the financial obligations of those Parties.

SECTION A. Pangkalahatang paglalarawan ng aktibidad ng proyekto General description of project activity

A.4.5. Pondong pampubliko ng aktibidad ng proyekto

Kung ito ay kinabibilangan ng pondong pampubliko mula sa mga kasaping nasa Annex I, dapat na magbigay ng mga impormasyon sa Annex 2 tungkol sa kung saan nanggaling ang pondo na siyang nagbibigay ng patunay na ang naturang pondo ay hindi bunga ng paglipat ng opisyal na tulong sa pagpapa-unlad at hiwalay mula sa at hindi kabilang sa mga pinansiyal na obligasyon ng mga Kasapi.

⁶² PDD Guidelines, p9

⁵⁶ http://cdm.unfccc.int/Reference/Manuals/accr_man01.pdf

⁵⁷ http://cdm.unfccc.int/Reference/Guidclarif/pdd/pdd_guid04_v07.pdf

⁵⁸ <http://cdm.unfccc.int/methodologies/PAMethodologies/tools/am-tool-01-v5.2.pdf>

⁵⁹ <http://cdm.unfccc.int/methodologies/PAMethodologies/tools/am-tool-02-v2.2.pdf>

⁶⁰ http://cdm.unfccc.int/Reference/Guidclarif/reg/reg_guid03.pdf

⁷⁰ http://cdm.unfccc.int/Reference/Guidclarif/reg/reg_guid04.pdf

Ang pagpapalunang ng baseline ay kritikal sa pagpapasiya kung ang proyektong CDM ay isang additional sapagkat ang pagtatasa sa additionality ay nagsasangkot ng pagtatanong kung ang proyektong CDM ay ang baseline. - halimbawa kung ang proyekto ay nagreresulta ng business as usual. Sa pagtatasa ng PDD, kapaki pakinabang ang pagsusuri kung ang mga alternatibong senaryo ay isinaalang-alang. Madalas ay may posibilidad na “kalimutan” ng Project developer ang mga alternatibong senaryo, halimbawa: mapagkukunan ng renewable energy, imported na elektrisidad atbp

Kinakailangang ipaliwanag ng project developer kung paano naging additional ang aktibidad. Karamihang ginagamit ng mga proyekto ang “Too for the demonstration and assessment of additionality” upang ipaliwanag kung paano at bakit ang aktibidad ng proyekto ay additional at samakatuwid ay hindi ito ang baseline scenario alinsunod sa piniling baseline methodology. Ang lahat ng proyekto ay kailangang gawin ang pamumuhunan o barrier analysis. Karamihan sa mga proyekto ay ginagawa ang dalawang nabanggit. Ang kailangan lamang ay mapatunayan ang ang proyekto ay hindi isang “common practice”. Subalit mauna sa lahat, ang lahat ng alternatibo sa mga aktibidad ng proyekto ay kailangang umayon sa batas.

SECTION B. Aplikasyon ng baseline at pamamaraan sa pagsubaybay

B.4. Paglalarawan ng kung papaano tinutukoy ang senaryo ng baseline at ang deskripsyon ng tukoy na baseline:

Upang matukoy ang senaryo ng baseline, dapat ikumpara ng PDD ang iminungkahing proyekto mula sa “makatotohanan at kapanipaniwalang alternatibo”⁶³ na nakahanda para sa mga kalahok sa proyekto o katulad na debeloper ng proyekto na nagbibigay ng produkto o serbisyo na maihahalintulad sa mungkahing aktibidad ng proyektong CDM.” Lahat ng senaryo na makatwiran sa konteksto ng mungkahing aktibidad ng proyektong CDM ay dapat na isaalang-alang at ang mga makatwiran alternatibo ay hindi dapat alisin⁶⁴.

B.5. Paglalarawan ng kung papaanong ang antropohenikong emisyon ng pinagmumulan ng GHG ay nabawasan na mas mababa kaysa sa inaasahang mangyayari kung wala ang nakatalang aktibidad ng proyektong CDM (ang pagtatasa at demonstrasyon ng additionality):

Ang mga sanggunian para sa mga sumusunod na apat na hakbang ng kagamitang additionality ay napakahalaga sa pagtatasa kung tinutupad ng PDD ang mga batayang requirements:

1) **Makatotohanan at kapanipaniwalang alternatibong senaryo** sa aktibidad ng proyekto na sumusunod sa sapolitang pagsasabatas at regulasyon ay dapat na matukoy kung ang iminumungkahing aktibidad ng proyekto ay ang tanging alternatibo sa lahat ng mga isinasaalang-alang ng mga kasali sa proyekto na sumusunod sa sapolitang regulasyon, samakatuwid ang iminumungkahing aktibidad ng proyektong CDM ay hindi additional⁶⁵.

2) **Ang pagsusuri sa pamumuhunan** ay ginagamit upang matukoy kung ang iminumungkahing aktibidad ng proyekto ay hindi ang pinaka-ekonomikal o kaakit-akit sa pananalapi o maisasagawa kahit wala ang kita mula sa pagbebenta ng CER. Ipinapakita sa pag-aanalisa ng ito na inaasahang ang pampinansiyang balik ng proyekto ay mas mababa sa sukatan para sa mga ikinukonsiderang magandang pamumuhunan para sa ganitong tipo ng proyekto. Napakakomplikado ng pag-aanalisa sa pamumuhunan. Sa gayon, ang Executive Board ay naglabas ng gabay na siyang gagamitin sa pagtatasa ng proyektong gumagamit ng ganitong pamamaraan⁶⁶. Nakikita din ng gabay halimbawa, na ang pag-aanalisa sa pamumuhunan ay dapat na ilahad sa isang pamamaraan na ang babasa ay maaari itong kopyahin at makakuha ng kaparehong mga resulta⁶⁷.

3) **Ang pagsusuri sa hadlang** ay ginagamit upang maipakita na mayroong mga hadlang, karamihan dito ay ipinapahayag na panganib na humahadlang upang ang mga potensiyal na aktibidad ng proyektong CDM ay hindi makagalaw pasulong ngunit hindi nito hinahadlangan ang implementasyon ng mga alternatibo. Sa ilalim ng pagsusuring ito, ang proyekto ng mga karagdagan kita mula sa pagbebenta ng carbon credits ay tinatapatan ang panganib na ito. Hindi additional ang isang aktibidad ng proyekto kung hindi mapapahusay ng CDM ang mga natukoy na mga hadlang na pumipigil na maisagawa ang mungkahing aktibidad ng proyekto.

4) **Ang karaniwang gawi** ng pagsusuri ay isang pagsisiyasat sa kredibilidad na pampuno sa pagsusuri sa pamumuhunan o sa hadlang at ito ay ginagamit upang ilarawan na ang tipo ng proyekto ay HINDI lamanap sa mga mahahalagang sektor o rehiyon. Ang aktibidad ng iminumungkahing proyekto ng CDM ay hindi additional kung ang katulad na mga aktibidad ay mapagmamasdan at ang mga mahahalagang pagkakaiba sa pagitan nito at ng mga katulad na aktibidad ay hindi katanggap-tanggap na maipaliwanag.

Naunang konsiderasyon ng CDM: Magbigay ng ebidensiya na ang insentibong makukuha mula sa CDM ay seryosong isinaalang-alang sa desisyong ituloy ang aktibidad ng proyekto kung petsa ng simula ng aktibidad ng proyekto ay bago ang petsa ng balidasyon. Ang ebidensiyang ito ay ibinase sa (mas kanaisnais kung opisyal, ligal at/o iba pang inkorporado) dokumentasyon na madaling makuha, o bago ang, simula ng aktibidad ng proyekto. Sa ganitong mga kaso ang may mungkahi ng proyekto ay dapat na magbigay ng timeline ng iminumungkahing proyekto ng CDM. Kung maari, dapat na isama sa timeline ang petsa kung kailan napagdesisyon ang pamumuhunan, ang petsa kung kailan sinimulan ang konstruksyon, ang petsa kung kailan nagsimula ang pangungumisyon at ang petsa ng start-up (hal. ang petsa kung kailan magsimula ang komersyal na produksyon). Bilang karagdagan sa implementasyon ng timeline na ito, ang mga kasali sa proyekto ay dapat na magbigay ng timeline ng mga pangyayari at mga aksyon na isinagawa na may kalakip na paglalarawan ng mga ebidensiyang ginamit na susuporta dito upang makamit ang pagtatala ng CDM. Ang mga timeline na ito ang magpapahintulot sa mga validator na tasahin ang mga seryosong konsiderasyon ng CDM sa proseso ng pagdedesiyon at implementasyon ng proyekto. (EB 41, Para 68).

As explained above, emission reductions since 2000 can be eligible to generate carbon credits. Therefore, when assessing additionality, another important exceptional rule has to be complied with if the starting date of the project activity is before the date of validation. In that case, project developers have to undergo stricter rules to convince that the CDM revenue was seriously considered when starting the project activity. If you know that a proposed CDM project would have happened anyway, ie. it will go ahead regardless of whether it is registered as a CDM project, then it is non-additional. This happens especially often in the case that the starting date of the project activity is before the date of validation. It is therefore important to check the chronology of the events of the project activity and cross-check with dates when contracts were signed etc.

⁶³ Tool for the Demonstration and Assessment of Additionality, Annex 10, Version 5.2, EB 39, 4

⁶⁴ Clean Development Mechanism Validation and Verification Manual, p15

⁶⁵ Additionality Tool, Step1, p5

⁶⁶ The Guidance on the Assessment of Investment Analysis is annexed to the Additionality Tool

⁶⁷ Additionality Tool, Guidance on the Assessment of Investment Analysis, para 8

⁶⁸ PDD Guidelines, p12; see also Guidelines on the demonstration and assessment of prior consideration of the CDM

Ang dokumentasyon sa pagsusuri ng pangkapatirang epekto ay kailangang nakalakip sa CDM-PDD upang iyong masuri kung ano ang nakasaad

Kailangang maipakita ng project developer kung paano niya kinuha ang mga puna ng mga stake holder. Kung ikaw ay isang stake holder at hindi kinunsulta, kung gayon hindi pa natatamasa ng developer ang validation requirements. Kung hindi binuod ng maayos ang iyong mga puna o hindi pinakita kung paanong kinuha ang inyong mga komento, hindi pa rin natatamasa ang project developer ang mga validation requirements.

⁶⁹ Clean Development Mechanism Validation and Verification Manual, p26
⁷⁰ Clean Development Mechanism Validation and Verification Manual p25; See also Guidelines for completing the project design document (CDM-PDD) and the proposed new baseline and monitoring methodologies (CDM-NM), p20

SECTION C. Tagal ng aktibidad ng proyekto / crediting period

SECTION D. Epektong pangkalikasan

Ang mga kasali sa proyekto ay dapat na magpasa sa validator ng dokumentasyon ukol sa pagsusuri sa epektong pangkalikasan ng aktiidad ng proyekto na naaayon sa talata 37(c) sa CDM modalities at pamamaraan ⁶⁹.

SECTION E. Komento ng mga stakeholder

Ang lahat ng stakeholder na karapatdapat iturning na mahalaga para sa iminumungkahing aktibidad ng proyektong CDM ay dapat na imbitahan ng debeloper ng proyekto para sa komento hinggil sa iminumungkahing aktibidad ng proyektong CDM. Ang pulong konsultasyon na ito ay dapat na isagawa bago ang paglalathala nito sa PDD sa UNFCCC website. Sa PDD ang kasali sa proyekto ay kinakailangang ipaliwanag kung paano isinaalang-alang ang mga komentong natanggap at dapat na magbigay ng buod⁷⁰.

7.1. Iba pang mga impormasyon sa CDM

- <http://www.cdm-watch.org>: Maaaring sundan ang mga gawain ng CDM Watch sa aming website. Nag-a-upload kami ng mahahalagang pag-aaral, report, komento, liham na ipinadala sa CDM Executive Board at policy makers, presentasyon ng workshop, press releases, atbp.
- <http://cdm.unfccc.int/index.html>: Ang opisyal na UNFCCC webpage para sa CDM. Ang website na ito ay naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa lahat ng mga aktibidad ng proyektong CDM pati ang mga komentong natanggap. Maaari kayong magpatala para sa UNFCCC newsletter na mag-aalerto sa iyo sa mga pampublikong panawagan para sa input at sa mga bagong metodolohiya. Gayun man, walang sistema ng pag-aalerto para sa mga bagong proyekto sa ilalim ng public commenting period o bagong proyektong nahahangad ng pagpapatibay.
- <http://cdmrulebook.org/>: Ang CDM Rulebook ay isang online database ng mga tuntunin ng CDM. Ito ay dinebelop nila Baker at McKenzie at ito ay libreng makukuha ng publiko.
- http://www.iges.or.jp/en/cdm/report_kyoto.html: Ang "CDM in CHARTS" ay isang booklet na ibinibigay ng Global Environment Strategies mula sa Asia Pacific Region na may magandang reputasyon sa pagbibigay ng direktso at madaling maintindihang deskripsiyon ng CDM. Ang booklet ay regular na ina-update batay sa mga bagong desisyon at ito ay nasa Indones, Persian, Portuges, Mongolian, Espanyol, Ruso, at Hapon.
- <http://cdmpipeline.org/>: Ang UNEP Risoe CDM/JI Pipeline Analysis and Database ay naglalaman ng lahat ng proyekto ng CDM/JI na ipinadala para sa balidasyon/pagdetermina. Ito ay naglalaman din ng baseline at ng metodolohiya sa pagmomonitor, ng listahan ng validator/verifiers at ng mga pag-aanalisa.
- <http://www.carbontradewatch.org/>: Ang Carbon Traders Watch ay nagbibigay ng komprehensibo at kritikal na pagsasaliksik ukol sa merkado ng karbon at nagbibigay din sila ng serye ng publikasyon.
- http://www.internationalrivers.org/cdm_comments/date: Ang website ng International Rivers ay nakatuon sa mga hydro projects na kasama sa CDM. Mayroon din silang malawak na listahan ng mga komentong ipinasa sa mga proyekto ng CDM.
- <http://www.sinkswatch.org>: Ang SinksWatch ay sinusundan at sinisiyasat na mabuti ang mga proyekto ng carbon sinks sa Kyoto Protocol at partikular na nakatuon sa mga proyektong sinks na pataniman ng mga puno sa mga lugar na kung saan ay mayroong pagtatala sa pagmamay-ari at sa karapatan sa paggamit ng lupa. Ang inisyatiba na binuo ng World Rainforest Movement ay pinangungunahan ng FERN. Ang coordinator ng SinksWatch na si Jutta Kill ay maaaring makontak sa jutta@fern.org.
- <http://www.thecornerhouse.org.uk/>: Isang kampanya upang suportahan ang demokratiko at pangkomunidad na pagkilos para sa hustisyang pangkalikasan at pang-tao. Ang Corner House ay walang takot na nagsalita ng kritisismo laban sa merkado ng karbon at ng CDM.
- <http://www.cdmgoldstandard.org/>: Ang website ng CDM Gold Standard.
- <http://www.redd-monitor.org/>: Ang REDD-Monitor ay kritikal na sinusuri ang mga problemang may kinalaman sa REDD at "pag-iwas sa deforestation" kasama ang mga proyekto ng sinks sa loob ng CDM.
- <http://www.helio-international.org>: Ang Helio Institute ay nakapagpaunlad ng sukatan na magtatasa sa mga kontribusyon ng mga proyektong CDM sa sustainable at makatarungang pag-unlad ng bansang pinagdausan. Ang sukatan din ang basehan ng mga gawain ng SouthSouthNorth at ng International Gold Standard.
- **Mga publikasyong nagbibigay serbisyo:**
 - o Ang GTZ Climate Protection Programme sa ngalan ng BMZ ay nagbibigay ng regular na pahayagan na nagbibigay ng pananaw tungkol sa mga desisyong ginawa sa mga pagpupulong ng CDM Executive Board. Maaari kayong magpa-subscribe sa climate@gtz.de
 - o Ang CDM Watch ay naglalabas ng pahayagan bago ang pagpupulong ng CDM Executive Board upang ibulgar ang mga esensyal na bahagi na nasa agenda at upang magbigay ng mga rekomendasyon info@cdm-watch.org

- **Newsletter services:**

sustainable at makatarungang pag-unlad ng bansang pinagdadausan. Ang sukatan din ang basehan ng mga gawain ng SouthSouthNorth at ng International Gold Standard.

- Mga publikasyong nagbibigay serbisyo:

- Ang GTZ Climate Protection Programme sa ngalan ng BMZ ay nagbibigay ng regular na pahayagan na nagbibigay ng pananaw tungkol sa mga desisyong ginawa sa mga pagpupulong ng CDM Executive Board. Maaari kayong magpa-subscribe sa climate@gtz.de

- Ang CDM Watch ay naglalabas ng pahayagan bago ang pagpupulong ng CDM Executive Board upang ibulgar ang mga esensyal na bahagi na nasa agenda at upang magbigay ng mga rekomendasyon info@cdm-watch.org

8. Ang CDM – mga pangunahing termino at akronim

A

Assigned
Amount Units (AAUs)

Ang AAU ay ang mga yunit na inisyu ng Kasapi sa Kyoto Protocol patungkol sa kanilang pambansang talaan tungo sa kanilang takdang halaga. Ito ang isa sa tatlong mekanismo na ipinaliwanag sa Kyoto Protocol bilang pamantayan para sa Annex I na bansa na maaabot ang kanilang mga target sa pagbabawas. Ang katumbas na tipo ng dalawang mekanismo ay tinatawag na Emission Reduction Units (ERU) mula sa proyektong JI at Certified Emission Reduction (CER) mula sa proyektong CDM.

Pondo sa Adaptasyon

Dalawang porsyento ng CER mula sa lahat ng proyektong CDM ay idinideposito sa isang espesyal na rehistro na pinapatakbo ng Executive Board. Ang mga kita mula sa pagbebenta nito ay maaaring gamitin upang pondohan ang mga proyekto ng adaptasyon sa pagbabago ng klima sa mga umuunlad na bansa. Ang mga proyekto sa mga pinakamahirap na bansa ay di kasali.

Additionality

Ang isang proyekto ay additional kung ito ay ginawa lamang para sa karagdagang kita mula sa pagbebenta ng CER. Kung ang proyekto ay mangyayari din naman, ang katumbas nito ay hindi kumakatawan sa kahit na anong pagbabawas sa kabuuang emisyon. Ito ay nangangahulugan na ang mga hindi additional na proyekto ay gagawa ng mga pekeng carbon credits na maaaring gamitin ng bansang Annex I upang maiwasan ang pagbabawas ng emisyon sa sariling bansa. Ito ay magbubunga ng pagtaas ng emisyon na mas mataas sa inaasahan dahil sa Kyoto Protocol.

Mga bansang Annex I

Mga bansang mauunlad na mayroong espisipikong pangako na magbawas ng emisyon ng greenhouse gas sa ilalim ng 1992 United Nations Framework Convention on Climate Change (UNFCCC) at ng Kyoto Protocol. Ang tanging di kasali ay ang Turkey at Belarus na mga Annex I ngunit walang pangako ng pagbabawas sa ilalim ng Kyoto Protocol.

B

Baseline /
Business-as-usual
(BaU)

Ang baseline ay esensiya ng ideyang “papaano kung walang mangyari”. Ang pagkalkula ng emisyon ng baseline ay ginagawa upang mataya ang dami ng emisyonang maaring magawa kung wala ang proyektong CDM. Ang baseline ay kritikal sa pagtatasa kung ang proyekto ay naabot ang pamantayan ng additionality at kung gaano karaming CER ang maaaring ibigay.

C

Certified Emission
Reductions (CERs)

Maraming uri ng credits sa ilalim ng Kyoto Protocol. Ang CER ay espisipikong tumutukoy sa mga credits na nakuha sa pamamagitan ng proyektong CDM. Ang isang CER ay may katumbas na isang tonelada ng pagbabawas ng carbon dioxide. Ang proyektong Sinks ng CDM ay nakakagawa ng pansamantalang credits na kailangang mapalitan ng permanenteng credits pagkatapos ng ilang panahon.

Clean Development
Mechanism (CDM)

Ang CDM ay isa sa tatlong nahuhubog na mekanismo na nakapaloob sa Kyoto Protocol. Nagpapa-hintulot ito sa mga entidad mula sa Kasapi sa Annex I (maunlad) upang lumikha ng mga proyektong magbabawas ng emisyon sa mga bansang hindi Annex I (papaunlad) at makakuha ng nabebentang credits na tumutugon sa dami ng pagbabawas ng emisyon na magawa ng nasabing proyekto.

Crediting period

Ang crediting period ay ang haba ng panahon upang ang proyekto ay makagawa ng carbon credits. Sa ilalim ng Kasunduang Marrakech ang isang bansa ay maaaring pumili sa pagitan ng 7 taon na maaaring i-renew ng dalawang beses upang maging 21 taon o sa 10 taon lamang. Kung pinili nila ang nauna, dapat nilang i-renew ang baseline bawat ika-7 taon. Wala nang mas mahabang panahon para sa proyekto ng sinks (hanggang 60 taon). Ang crediting period ay iba sa haba ng buhay ng isang proyekto: ang isang dam halimbawa ay tinatayang buhay na hanggang 50 taon, ngunit ang proyektong CDM lamang ang makakakuha ng credits ng 10 sa mga taong iyon.

	Conference of Parties (COP)	Ang COP ay taunang pagpupulong ng mga bansang nagratiipika sa UNFCCC. Pinag-uusapan ng mga delegado sa bawat pagpupulong kung papaano babaguhin at papaunlarin ang UNFCCC kabilang na ang kung anong mga pangako sa pagbabawas ang dapat gawin. Ang isa pang termino na palaging nagsasama ay ang MOP o CMP (Meeting of Parties to the Protocol). Ito ay kaparehong pagpupulong na ginagawa kaagapay ng COP ngunit para lamang sa mga nagratiipika sa Kyoto Protocol. Ang CMP at MOP ay nag-uusap sa maaaring mangyari kapag natapos na ang Kyoto Protocol sa 2012. dapat tandaan na hindi kasali sa MOP ang Estados Unidos.
D	Designated National Authority (DNA)	Ang DNA ay isang organisasyon ng gobyerno ng isang bansa na siyang sentro ng lahat ng isyung may kinalaman sa CDM sa bansang iyon. Ang DNA ay kadalasang konektado sa Ministri ng Kalikasan ng bansa. Ang DNA ng isang bansang pinagdadausan ng proyektong CDM ay responsable sa “pag-apruba” sa nasabing proyekto bago ipasa ang proposal sa UNFCCC at sa pagpapatunay na ito ay sumusunod sa pamantayan ng sustenableng pag-unlad ng bansa. Ito ay nangangahulugan na maaaring di tanggapin ng DNA ang isang proyekto kung sa tngin nito ay hindi ito makakapasa sa kanilang inaasahan.
	Designated Operational Entity (DOE)	Ang DOE ay isang independyenteng awditor na (1) Patotohanan na ang mungkahi ay naabot lahat ng pamantayan ng CDM, (2) I-monitor ang pagbabawas ng greenhouse gas at tiyakin na ang lahat ng pagbabawas ay nagaganap na nakatala sa PDD.
E	Executive Board (EB)	Ang EB ang pinakamataas na tagapagdesisyon sa mga gawain ng CDM. Ang bawat proyektong CDM ay ipinapasa sa EB para sa pinal na desisyon ng pagtanggap o pagtanggi sa pagrerehistro.
I	International Emissions Trading (IET)	Ang pagbebenta ng emisyon sa pagitan ng mga Partido na mayroong pangako ng pagbabawas sa ilalim ng Kyoto Protocol. Mayroon ding pambansa at pangrehiyong Emission Trading Scheme na maaaring konektado sa hinaharap.
J	Joint Implementation (JI)	Ang JI ay isa sa tatlong tinaguriang nahuhubog na mekanismo ng Kyoto Protocol at tulad ng CDM ito ay nakabase sa proyekto. Ito ay ang pagkamit ng credit ng industriyalisadong bansa sa pamumuhunan nito sa pagbabawas ng emisyon sa ibang bansa. Gayunman, sa kaso ng proyekto ng JI ang parehong bansa ay dapat na mayroong pangako ng pagbabawas sa ilalim ng Kyoto Protocol hindi katulad ng CDM na ang pamumuhunan ay nangyayari sa bansang walang pangako ng pagbabawas. Ang JI ay kadalasang nagsasagawa ng proyekto sa mga bansa sa Silangang Europa at sa dating Unyon Sobyet.
L	Leakage	Ang leakage ay ang pagtaas ng emisyon ng greenhouse gas na nangyayari sa labas ng hangganan ng proyekto. Halimbawa, ang proyekto sa mabuting paggamit ng enerhiya ay maaaring magpababa ng kuryente ngunit maaring magpataas ng konsumo nito. Ang ganitong leakage ay dapat na ibawas sa kalkulasyon ng kabuuang pagbabawas ng greenhouse gas.
M	Marrakesh Accords	Ang Marrakech Accords ang nagtatakda ng tuntunin para sa proyektong CDM. Ang Accords ay ipinangalan sa pagpupulong na kung saan sila nagkasundo – ang ika-7 Conference of Parties to the Climate Convention na ginanap sa Marrakech, Morocco noong 2001.
	Pamamaraan	Ang Pamamaraan ay ang mga pangkat ng rikisitos na nagsasabi kung papaano mababawasan at masusukat ang greenhouse gas sa mga proyektong CDM. Ang proyekto ng CDM ay dapat na magtaglay ng isa sa mga paraang. Nagkakaiba sila sa paggamit depende sa tipo at sukat ng proyekto. Mayroong mga pamamaraang dinisenyo para sa iba’t-ibang tipo at sukat ng proyekto. Noong Pebrero 2010 ay mayroon nang 96 aprubado at inilathalang pangmalakihang pamamaraan ng baseline at 55 na pangmaliitang pamamaraan ng baseline.

P

Pagmomonitor

Ang pagmomonitor ay isang proseso upang masiguro na ang pagbabawas ng greenhouse gas ay nagyayari gaya ng isinasaad sa PDD. Ito ay isinasagawa ng operator ng proyekto at hindi ng validator – sa pamamagitan ng paglalagay ng kagamitan sa pagmomonitor ng produksiyon ng enerhiya at ng input ng petrolyo. Ang detalyadong plano ng pagmomonitor ay dapat na kasama sa PDD.

Project Boundary

Ang bawat proyektong CDM ay kinakailangang tukuyin ang “hangganan ng proyekto”. Ang hangganan ng proyekto ay sumasakop sa lahat ng pagtaas at pagbaba ng greenhouse gas na risonableng maipapalagay sa proyekto upang ang kabuuang pagbabawas ay makalkula. Halimbawa, ang isang planta ng biomass na gumagamit ng dumi ng agrikultura na nag-aalis sa kuryenteng ginagamitan ng uling ay maaaring makakuha ng credit sa pagbabawas ng emisyon na resulta ng kanyang operasyon. Ngunit dapat din itong managot para sa emisyon ng greenhouse gas mula sa pagbibiyahe ng biomass papunta sa planta. Tignan din ang Leakage.

Programa ng Aktibidad

Noong una, ang mga polisiya o pamantayan ay hindi maikokonsiderang aktibidad ng proyektong CDM. Sa mga bagong disenyon ng PoA, ang pagpapatupad ng polisiya, pamamaraan o ipinahayag na layunin na nagreresulta sa pagbabawas ng emisyon o pag-aalis ng additional ay maaari nang irehistro bilang isang aktibidad ng proyektong CDM. Ang PoA ay binubuo ng Programa ng Aktibidad ng CDM na maaaring nag-iisa o pangkat ng magkakaugnay na pamamaraan. Ang maraming CPA ay maaaring isama sa ilalim ng PoA sa panahon ng pagrerehistro at ang karagdagang CPA ay maaaring idagdag kahit sa anong panahon sa buhay ng PoA. Ang PoA ay maaaring magsama ng CPA na pina-patakbo sa maraming bansa. Sa kasalukuyan ay mayroong dalawang rehistradong PoA.

Project Design Document (PDD)

Ang PDD ay isang pangunahing dokumento sa proseso ng CDM dahil ito ay naglalaman ng lahat ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa proyekto. Sa oras na mai-upload na ang dokumento sa website ng UNFCCC, magsisimula na din ang panahon ng pampublikong konsultasyon. Lahat ng pagtatasa ng DNA, DOE at EB ay ibabase sa dokumentong ito.

R

Pagrerehistro

Ang pagrerehistro ay isang pormal na proseso ng pagtanggap ng EB sa mungkahing CDM. Nangan-gailangan ito ng pagbabayad ng registration fee. Pagkatapos ng pagrerehistro, ang pagbabawas ng greenhouse gas ay imomonitor at beberipikahin at ang CER ay ibibigay.

S

Sinks

Sa pangkalahatan ang sinks ay isang bagay na sumisipsip sa carbon dioxide tulad ng kagubatan at karagatan. Sa konteksto ng kasalukuyang CDM ang sinks ay nangangahulugan ng proyekto ng pagtanim ng mga puno sa mga kalbong kagubatan (reforestation) at pagpapalit ng isang lugar para gawing kagubatan (afforestation) na tanging tipo ng proyekto na pinag-iisa ang carbon sinks. Gayyunman, ito ay maaaring palawakin sa hinaharap upang maisama ang ibang tipo tulad ng Carbon Capture and Storage (CCS) at ang pangangalaga ng kagubatan.

Small-scale CDM (SSC)

Ang SSC CDM ay isang proyekto na maliit na pagbabawas ng greenhouse gas. Ito ay kadalasang kaso na ang isang maliit na proyekto ay hindi maisasagawa ng matipid dahil ang inaasahang kita ay mababa at ang gastos sa transaksyon ay mataas. Upang maiwasan ang ganitong hindi pagkakapan-tay, mayroong pinasimpleng pamamaraan ang SSC. Inaasahang ito ay makakaakit ng pamumuhunan mas maraming pambukid at hindi maunlad na bansa o rehiyon na kung saan ang mga malakihang CDM ay kadalasang hindi maisagawa

Stakeholders

Ang stakeholder ay inilalarawan sa Marrakech Accords bilang “ang publiko, kasama ang mga indi-bidwal, grupo o komunidad na apektado, o maaring maapektuhan, ng mungkahing aktibidad ng proyektong CDM.

T

Target

Sa ilalim ng Kyoto Protocol ang mga industriyalisadong bansa ay nagkasundong magbabawas ng kanilang emisyon. Ang dami ng kanilang pinagkasunduang pagbabawas ay ang kanilang target. Ang mga target ay ipinapahayag bilang porsyento ng pagbabawas ng misyon ng greenhouse gas na ikukumpara sa lebel ng emisyon noong 1990 na maaring maabot sa panahong 2008 hanggang 2012. Halimbawa, ang Japan ay may target na 6% na ibig sabihin ay sa panahong 2008 hanggang 2012 ang kanilang lebel ng emisyon ay dapat na 6% mas mababa sa kanilang lebel noong 1990. sa kasalukuyan, ang mga delegado ng UNFCCC ay nakikibaka sa target para sa ikatlong panahon ng pangako mula 2012 hanggang 2020 sa pagtatapos ng Kyoto Protocol.

Gastos sa Transaksiyon

Ang gastos sa transaksyon ay ang gastos sa pagdedebelop ng isang proyektong CDM at sa pagmonitor at pagbeberipika ng pagbabawas ng emisyon at ang paghihiwalay na natamo nito sa panahon ng crediting period. Ito ay kinabibilangan ng mga gastusin sa paghahanda ng PDD, na ginagawa ng isang konsultant, at ang pag-aaral sa baseline.

U

Unilateral CDM

Sa kabuuan, ang proyektong CDM ay dapat na mayroong kasali sa proyekto mula sa mga bansang kasama sa Annex I ng Kyoto Protocol upang makakuha ng karagdagang pondo at teknolohiya. Subalit, isang desisyon mula sa Executive Board ang nagsasabing ang isang proyekto ay hindi nangangailangang magkaroon ng kasali mula sa bansang Annex I sa panahon ng pagpaparehistro. Ito ay nangangahulugan na ang mga hindi Annex I o papa-unlad na mga bansa ay maaaring magpatakbo ng proyektong CDM sa kanilang sarili.

United Nations Framework Convention on Climate Change (UNFCCC)

Ang UNFCCC ay isang pandaigdigang kasunduan na napagkasunduan noong 1992 sa Rio de Janeiro upang ipirmi ang konsentrasyon ng greenhouse gas sa atmospera. Ngunit mismong ang UNFCCC ay hindi nagsasabi kung sino at kung kailan magbabawas ng greenhouse gas. Kaya ang Kyoto Protocol ay napagkasunduan noong 1997 upang gawing may ligal na batayan ang pagbabawas. Ang UNFCCC ay mayroong sekretaryat sa Bonn, Germany, kaya't ang karamihan ng mga pagpupulong ay ginaganap dito.

V

Validation

Upang ang isang proyekto ay maaprubahan bilang CDM ito ay dapat na ma-validate ng isa sa mga entidad na rehistrado bilang validator (teknikal silang tinatawag na "Designated Operational Entities" o DOE). Ang mga validator na ito ang magsisigurong ang proyektong CDM ay naabot ang mga pamantayang karapat-dapat, tulad ng additionality.

Verification

Ang Verification ay isang proseso na titiyak na ang isang proyektong CDM ay nagbabawas ng emisyon ng greenhouse gas na isinasaad sa PDD. Tulad ng validation, ang prosesong ito ay isinasagawa din ng DOE.

Isinalin sa Filipino:
Rowaldo V. Ramiscal